


onsemi™

POWERED BY
OUR VALUES

*Alituntunin ng
Pag-uugali sa Negosyo*



Pagtataguyod ng mga tagumpay sa
teknolohiya **na naghahatid sa pangako
ng isang napapanatiling hinaharap.**





onsemi™

Intelligent Technology. Better Future.

Bumalik sa Indise

iii MGA PANGUNAHING PINAHAHALAGAHAN

PAMBUNGAD

- 2 Mga Pangunahing Pinahahalagahan
 - 2 Integridad
 - 2 Respeto
 - 2 Inisyatiba
- 3 Layunin ng Ating Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo
- 3 Responsibilidad at Pananagutan
- 4 Mga Karagdagang Responsibilidad ng mga Tagapamahala at mga Superbisor
- 4 Mga Pag-audit, Pagsisiyasat at Aksyon na Pandisiplina

PAANO HUMINGI NG TULONG

- 6 Paghahanap ng Gabay
- 7 Pag-uulat ng mga Alalahanin
- 7 Walang Paghihiganti

MGA SHAREHOLDER

- 10 Pagprotekta sa mga Pag-aari ng **onsemi**
- 11 Kumpidensyal at Pagmamay-ari ng Impormasyon
- 12 Pagkapribado
- 12 Paggamit ng Social Media at Internet
- 14 Panloob na Impormasyon at Pangangalakal ng Securities
- 15 Katumpakan ng Mga Rekord ng Kumpanya
- 15 Pagbibigay ng Impormasyong Pananalapi
- 15 Espesyal na Responsibilidad
- 16 Pagtatala at Pagpapanatili ng Mga Komunikasyon sa Negosyo

MGA EMPLEYADO AT MGA DIREKTOR

- 18 Patuloy na Respeto
- 18 Pag-iwas sa Panliligalig
- 19 Kaligtasan at Kalusugan

MGA KOSTUMER AT MGA MAMIMILI

- 21 Kalidad at Kaligtasan ng Produkto
- 22 Pagbebenta at Pagmemerkado
- 22 Kumpidensyal na Impormasyon ng Kostumer
- 22 Mga Kostumer na Pamahalaan

MGA KASOSYO SA NEGOSYO

- 24 Pakikipagnegosyo sa Iba
 - 24 Mga Ahente at mga Kasangguni
 - 24 Mga Subcontractor
 - 24 Mga Magkasamang Pakikipagsapalaran at mga Alyansa
- 25 Mga Kasanayan sa Pagbili
- 25 Kumpidensyal na Impormasyon ng Kasosyo sa Negosyo

MGA KAKUMPITENSIYA

- 27 Mapagkumpitensiyang Impormasyon
- 28 Patas na Kumpetisyon at Antitrust

MGA KOMUNIDAD

- 30 Serbisyong Pangkomunidad
- 30 Mga Personal na Gawaing Pangkomunidad
- 30 Mga Pampulitikong Aktibidad ng **onsemi**
- 31 Kapaligiran
- 32 Pakikipag-usap sa Mga Panlabas na Madla

MGA PAMAHALAAN

- 34 Mga Batas Laban Sa Katiwalian
- 35 PAGTAWID SA MGA PAMBANSANG HANGGANAN
- 36 Mga Pang-ekonomiyang Parusa at mga Pag-boycott
- 36 Money Laundering

MGA SALUNGATAN NG INTERES

- 38 PANGKALAHATANG GABAY
- 38 Panlabas na Trabaho
- 39 Mga Pagmimiyembro sa Lupon
- 39 Mga Miyembro ng Pamilya at Malapit na mga Personal na Relasyon
- 40 Mga Pautang sa mga Empleyado at mga Direktor
- 40 Mga Pamumuhunan
- 40 Mga Oportunidad sa Korporasyon
- 41 Mga Regalo at Libangan
 - 41 Mga Regalo at Libangan na Natanggap ng mga Empleyado at mga Direktor ng **onsemi**
 - 42 Mga Regalo at Libangan na Ibinigay o Ipinagkaloob ng **onsemi**
- 43 Paglalakbay
 - 43 Pagtanggap ng mga Gastos sa Paglalakbay
 - 43 Pagbibigay ng Paglalakbay
- 43 Mga Pagwawaksi ng Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo
- 43 Mga Interpretasyon

KARAGDAGAN

- 46 Mga Code sa Pag-akses ng AT&T para sa Mga Piniling Bansa at Mga Rehiyon



Tagline

Intelligent Technology. Better Future.

Pananaw

Itaguyod ang mga tagumpay sa teknolohiya na naghahatid sa pangako ng isang napapanatiling hinaharap.

Misyon

Itutulak natin ang inobasyon upang lumikha ng matalinong lakas at mga teknolohiyang pandama na lumulutas sa mga pinakamahirap na problema ng kostumer. Ang ating mga empleyado ay inspirado bawat araw na pataasin ang halaga ng stakeholder sa pamamagitan ng mataas na kalidad at mataas na halaga ng mga produkto at mga serbisyo.



PAMBUNGAD

PAMBUNGAD

Mga Pangunahing Pinahahalagahan

Ang ating mga pangunahing pinahahalagahan ang tumutukoy kung sino tayo bilang mga indibidwal at bilang mga kinatawan ng **onsemi**. Tayo ay isang Kumpanya na nakabatay sa pagganap na nagtutuon sa kumikitang paglago, pangmundong klaseng mga resulta ng pagpapatakbo, pamantayang kalidad at naghahatid ng higit na mataas na halaga sa kostumer at shareholder. Sa pamamagitan ng paglalagay ng ating mga pangunahing pinahahalagahan na integridad, paggalang at inisyatiba sa pagkilos, ginagawa ng bawat isa sa atin ang ating bahagi sa paggawa ng ating Kumpanya na isang magandang lugar para magtrabaho.

Integridad

Seryoso tayo sa ating sinasabi at sinasabi natin kung ano ang ibig nating sabihin. Ang ating Kumpanya ay nagtakda ng matataas na pamantayan para sa ating mga produkto at indibidwal na pag-uugali. Ang ating reputasyon ay nakasalalay sa pinakamataas na pamantayan ng etikal na pag-uugali. Tayo ay may pananagutan sa paghahatid ng ating mga pangako sa oras na may pinakamataas na kalidad. Tinutugunan natin ang mga isyu nang may bukas na isip, gamit ang mga katotohanan at nakabubuting katugunan sa isang kapaligiran sa trabaho kung saan tayo ay hindi natatakot sa bukas na talakayan o mga tanong. Kapag nakagawa na ng desisyon, nagsusumikap tayong suportahan ito. Sumusunod tayo sa lahat ng mga legal na kinakailangan at pinaninindigan natin ang ating sarili sa pinakamataas na pamantayan ng etikal na pag-uugali.

Respeto

Tinatrato natin ang bawat isa nang may dignidad at paggalang. Tayo ay nagbabahagi ng impormasyon at naghihikayat ng iba't ibang pananaw sa isang bukas at matapat na kapaligiran. Inilalabas natin ang pinakamahusay sa isa't isa, na kinikilala na ang pagkakaiba-iba ng mga pinagmulan at karanasan ay mga pangunahing lakas. Panalo tayong lahat kapag sinusupportahan natin ang isa't isa.

Inisyatiba

Pinahahalagahan natin ang mga taong nagpapakita ng isang positibo, "kayang-gawin" na pag-uugali, habang nagtutulungan upang manalo. Nagtatrabaho tayo nang matalino, na may pakiramdam ng pagmamadali, habang palaging pinapanatili ang ating pangako na sumunod sa mga naaangkop na batas, mga regulasyon at mga pamantayan. Kung may isang umiiral na problema, inaasikaso natin ito hanggang sa mabilis na paglutas habang kumikilos sa isang etikal na paraan. Ang bawat isa sa atin ay inaasahan na ipapakita ang mga pangunahing pinahahalagahan nito sa ating mga tungkulin sa **onsemi**. Ang mga halagang ito ay pantay na naaangkop sa ating lahat — sa magkaparehong mga empleyado at mga direktor.

Layunin ng Ating Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo

Ang ating Alituntunin ay isang gabay upang matulungan tayong sumunod sa matataas na etikal na pamantayan ng ating Kumpanya — at sa atin. Binubuo nito ang marami sa mga batas na nalalapat sa ating mga trabaho sa **onsemi**. Inilalarawan din nito ang mga etikal na halaga na ibinabahagi natin. Siyempre, ang pagsunod sa batas ay isang bahagi lamang ng isang etikal na kultura. Dapat din tayong magnegosyo sa paraang naaayon sa ating mga pangunahing pinahahalagahan.

Ang ating Alituntunin ay hindi sumasaklaw sa bawat sitwasyon na maaari nating makaharap sa ating pang-araw-araw na negosyo. Sa halip, itinatampok ng ating Alituntunin ang mga pangunahing isyu at tinutukoy ang mga patakaran at mapagkukunan upang matulungan tayong gumawa ng mga matagumpay na desisyon para sa ating sarili at para sa **onsemi**. Tayo ay may pananagutan na malaman at sundin ang lahat ng mga patakaran at pamamaraan ng Kumpanya, kabilang ang mga tinukoy sa loob ng ating Alituntunin.

Responsibilidad at Pananagutan

Bilang mga empleyado, opisyal at direktor ng **onsemi**, ang bawat isa sa atin ay may personal na responsibilidad na basahin at sundin ang ating Alituntunin at ang batas. Inaasahan natin na ang ating mga kostumer, mga tagapagtustos, mga ahente, mga consultant, mga lisensyado, mga kontratista, mga tagapagbigay ng serbisyo at iba pang mga kasosyo sa negosyo ay susunod sa mga katulad na prinsipyo. Samakatuwid, hindi namin maaaring hilingin sa alinman sa mga ikatlong partidong ito na makisali sa anumang aktibidad na hindi natin maaaring salihan. Saan man tayo nagnenegosyo, inaasahan din tayong sumunod sa lahat ng mga naaangkop na batas, mga tuntunin, mga regulasyon at mga pamantayan. Kung mayroong umiiral na salungatan sa pagitan ng ating Alituntunin at lokal na batas, sundin ang mas mahigpit na pamantayan o humingi ng patnubay bago kumilos. Kung mayroon kang anumang mga tanong o mga alalahanin tungkol sa pinaghihinalaang labag sa batas o hindi etikal na mga gawain, makipag-ugnayan sa iyong tagapamahala, superbisor, Business and Ethics Liaison (“BEL”) o sa Chief Compliance Officer (“CCO”) o sa Bise Presidente, Ethics and Corporate Social Responsibility (“VP, Ethics and CSR”). Kung alam mo ang isang aktwal o potensyal na paglabag sa ating

Kodigo o sa batas, mayroon kang obligasyon na iulat ito kaagad sa iyong tagapamahala, superbisor, BEL, sa CCO o sa VP, Etika at CSR. Maaari mo ring iulat ang iyong mga alalahanin sa sinumang miyembro ng Departamento ng Batas o Human Resources. Kung mas gusto mong iulat ang iyong mga alalahanin nang hindi nagpapakilala — kung saan pinapayagan ng lokal na batas — maaari kang magsumite ng ulat gamit ang Compliance and Ethics Helpline (“Ethics Helpline”).

Bilang karagdagan, ang **onsemi** ay miyembro ng Responsible Business Alliance (RBA). Ang aming pagiging miyembro ay nangangahulugan na kami ay nakatuon sa Alituntunin ng Pag-uugali ng RBA (RBA Code of Conduct) sa pamamagitan ng lahat ng ating panloob na operasyon, pati na rin ang ating supply chain. Lalo na, ang mga tauhan ng pamamahala at pagpapatakbo ay inaasahang suriin ang Alituntunin ng Pag-uugali ng RBA at ilapat ito sa kani-kanilang mga lugar ng responsibilidad. Ang Alituntunin ng Pag-uugali ng RBA ay makukuha sa <http://www.responsiblebusiness.org/standards/code-of-conduct/>.

Mga Karagdagang Responsibilidad ng mga Tagapamahala at mga Superbisor


Lahat tayo ay may obligasyon na mag-ulat ng mga pinaghihinalaang paglabag sa ating Alituntunin at sa batas. Gayunpaman, tayong mga nasa mga tungkulin sa pamumuno ay may karagdagang responsibilidad na pigilang mangyari ang mga paglabag sa ating Alituntunin. Ang mga tagapamahala at superbisor ay inaasahang gumanap ayon sa ating mga pamantayan ng etikal na pag-uugali, kapwa sa salita at pagkilos. Kung ikaw ay isang tagapamahala o superbisor, ikaw ay may pananagutan sa pagtataguyod ng bukas at tapat na mga komunikasyon. Ikaw ay dapat na

maging isang positibong huwaran sa pamamagitan ng pagpapakita ng paggalang at konsiderasyon sa bawat isa sa iyong mga kasama. Ikaw rin ay dapat maging masigasig sa pagsusubaybay, pagsusuri at pagpigil sa hindi etikal o labag sa batas na pag-uugali sa **onsemi**. Kung ikaw ay isang tagapamahala o superbisor na nakakaalam ng gayong pag-uugali o nakatanggap ng isang ulat ng gayong pag-uugali, dapat mong ipaalam kaagad sa naaangkop na BEL, CCO, VP, Etika at CSR o sa mga departamento ng Batas o Human Resources.

Mga Pag-audit, Pagsisiyasat at Aksyon na Pandisiplina

Sinisiyasat ng ating Kumpanya ang lahat ng ulat ng aktwal o pinaghihinalaang maling pag-uugali. Ang iniulat na impormasyon ay ituturing na kumpidensyal, sa hangganan na pinahihintulutan ng lokal na batas. Ang ating CCO at ang VP, Etika at CSR, sa pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Panloob na Pag-audit ng Korporasyon, ay maaari ding magsagawa ng mga pag-audit ng pagsunod sa ating Alituntunin, kung kinakailangan.

Ang mga paglabag sa ating Alituntunin at/o batas ay hahantong sa aksyon na pandisiplina, hanggang sa at kabilang ang pagwawakas.



Paano Humingi ng Tulong


PAANO HUMINGI NG TULONG

Paghahanap ng Gabay

Ang paghingi ng gabay at pag-ulat ng mga ipinangangamba ay mahahalagang bahagi ng pagpapanatili sa ating etikal na kultura. Ang ating patakaran ng bukas na pinto ay nagbibigay sa atin ng kalayaan na lapitan ang anumang antas ng pamamahala tungkol sa ating mga alalahanin. Ang ating kumpanya ay nagtatag din ng Ethics Helpline, na maaaring ma-akses sa pamamagitan ng telepono o online. Kapag ginagamit ang Ethics Helpline, maaari kang humiling na manatiling hindi kilala, kung saan pinapayagan ng lokal na batas. Ang lahat ng mga ulat na may mabuting layunin ay tutugunan kaagad at nang propesyonal, at walang panganib ng paghihiganti.

Dapat nating iulat ang anumang sitwasyong pinaniniwalaan natin, sa mabuting layunin, ang taong nagtatrabaho para sa o sa ngalan ng ating Kumpanya ay lumalabag sa ating Kodigo, patakaran ng Kumpanya o sa batas. Kung nakaranas ka ng aktuwal o posibleng paglabag, mangyaring makipag-ugnay sa alinman sa sumusunod:

- Sa Iyong BEL
- Ang CCO
- Sinumang miyembro ng Batas o mga Kagawaran ng Yamang Pantao (Human Resources Department)
- Iyong tagapamahala o superbisor
- Ang Ethics Helpline



Pag-uulat ng mga Alalahanin

Ang Ethics Helpline ay magagamit sa pamamagitan ng telepono na walang bayad, 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Ang mga tagasalin-wika ay magagamit sa lahat ng wikang sinasalita ng mga empleyado at mga direktor ng **onsemi**. Bilang kahalili, ang mga tanong at ulat ay maaaring gawin online sa Ethics Helpline sa web address na nakalista sa ibaba. Tandaan na ang paggamit sa Ethics Helpline ay napapailalim sa mga lokal na batas at regulasyon.

Maaaring ma-akses ang Ethics Helpline sa alinmang bansa kung saan tayo mayroong malaking presensya, sa kondisyon na ang partikular na limitasyon ay maaaring ilapat kung kinakailangan ng lokal na batas. Ang anumang mga pagbabago sa mga pamamaraan na namamahala sa paggamit

at pagpapatakbo ng Ethics Helpline ay ipapaalam sa lahat ng mga empleyado. Kung hindi ka sigurado kung mayroon kang pinakabagong impormasyon tungkol sa Ethics Helpline, mangyaring siyasatin sa CCO, Departamento ng Batas o iyong BEL para sa pinakabagong update.

Ethics Helpline:

U.S.: 1-844-935-0213

Lahat ng Iba Pang Mga Lokasyon:

Tingnan ang “Karagdagan” sa Alituntunin ng Pag-uugali na ito para sa isang detalyadong breakdown ayon sa bansa

Sa Online: helpline.onsemi.com

Direktang telepono ng CCO: 1-602-244-5226

Direktang telepono ng VP, Etika at CSR:
1-602-244-6888

Walang Paghihiganti

Hindi ka dapat mag-atubiling iulat ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa batas o sa Kodigo nang walang takot na maaapektuhan ang pagiging empleyado mo. Ang mga pagkilos ng paghihiganti laban sa sinumang magpaparating ng ipinangangamba na may mabuting layunin ay hindi kukunsintihin. (Gumagawa ka ng reklamo na "may mabuting layunin" kung matapat kang nagtangkang magbigay ng tumpak na impormasyon.) Ang sinumang taong maghihiganti sa iyong pag-

uulat na may mabuting layunin ay sasailalim sa pandisiplinang aksyon, hanggang sa at pati na ang pagkakatanggal sa trabaho. At tulad rin nito, ang pag-uulat ng alam mong hindi totoo ay hindi rin katanggap-tanggap at maaaring isailalim ka sa pandisiplinang aksyon.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang ating [Patakaran ng Walang Paghihiganti \(Non-Retaliation Policy\)](#).





Mga SHAREHOLDER

MGA SHAREHOLDER

Sa **onsemi**, pinapanatili natin ang integridad ng ating mga pag-aari, impormasyon at pag-file para sa kapakinabangan ng ating mga shareholder.

Pagprotekta sa mga Pag-aari ng onsemi

Utang natin sa ating Kumpanya at sa ating mga shareholder na pangalagaan ang mga ari-arian ng Kumpanya na ipinagkatiwala sa atin. Dapat nating protektahan ang mga pag-aaring ito mula sa pagkawala, pinsala, maling paggamit o pagnanakaw. Kabilang dito ang ating mga pondo, mga produkto at network at mga sistema ng kompyuter. Dapat lamang nating gamitin ang mga ito para sa mga layuning pangnegosyo ayon sa batas.

Bagama't maaari kang gumawa ng paminsan-minsan, hindi sinasadyang personal na paggamit ng ilan sa mga mapagkukunang ito, ang anumang gayong paggamit ay dapat panatilihin sa pinakamaliit at dapat sumunod sa mga patakaran ng ating Kumpanya. Maaaring ma-akses at suriin ng **onsemi** ang lahat ng mga mapagkukunan ng Kumpanya na ginagamit mo para sa personal na aktibidad, tulad ng mga kompyuter, mga server at sistema, telepono, voicemail system, mesa, locker, mga kabinet, mga sasakyan at iba pang kagamitan na pag-aari ng **onsemi**.

Karagdagan pa, hindi ka dapat magkaroon ng anumang inaasahan na personal na pagkapribado na kaugnay sa anumang personal na paggamit. Halimbawa, anumang mga mensahe o talaan na ginawa o ipinadala sa pamamagitan ng mga sistema ng **onsemi** — kabilang ang mga elektronikong dokumento, e-mail, voicemail, at mga instant message — kahit na mayroon kang mga personal na password o sistema ng pag-file. Para sa mga kadahilanang nauugnay sa kaligtasan, pangangasiwa, seguridad at iba pang mga alalahanin, ang **onsemi** ay maaaring mag-inspeksyon ng mga tao at ari-arian sa lugar ng Kumpanya anumang oras at nang walang abiso, napapailalim sa mga naaangkop na lokal na batas.

Q (Tanong): Nagtrabaho ako sa parehong pangkat sa isang pabrika ng **onsemi** ng mga ilang taon na ngayon, at ako at ang aking mga katrabaho ay medyo malapit. Gayunpaman, pinaghihinalaan ko na ang isa sa aking mga katrabaho ay maaaring nagnanakaw ng mahalalagang metal mula sa ating Kumpanya. Noong una, napansin kong ibinulsa niya ang mga ilang gamit mula sa aming aparador ng panustos. Wala akong sinabi sa oras na iyon, dahil hindi ko naisip na ito ay isang malaking bagay. Ngayon ay napapansin ko na ang mga bilang ng produkto ay hindi tama. Hindi ko masasabi na ninanakaw niya ang mga ito, ngunit may pakiramdam ako na maaaring siya iyon. Dapat ko bang iulat ang aking mga hinala, kahit na hindi ako sigurado?

A (Sagot): Oo. Kung totoo, nilalabag nito ang ating Alituntunin at ang batas. Kahit na ang iyong katrabaho ay hindi responsable para sa mga nawawalang materyales, mahalalagang iulat ang kanyang pag-uugali sa iyong tagapamahala, superbisor o BEL. Sa ganoong paraan, maaaring makatanggap ng tulong ang iyong katrabaho, kung kinakailangan, at maiiwasan ng ating Kumpanya na magkaroon ng mas malaking mga pagkalugi. Tandaan na hindi ka haharap sa paghihiganti para sa pag-uulat ng iyong mga alalahanin nang may mabuting layunin.

Kumpidensyal at Pagmamay-ari ng Impormasyon

Lahat tayo ay may tungkuling pangalagaan ang kumpidensyal at pagmamay-ari na impormasyon ng ating Kumpanya. Dapat nating markahan ang naturang impormasyon nang naaayon, iimbak ito nang ligtas at limitahan ang akses sa mga taong may negosyo na kailangang malaman ito. Naaangkop ito sa mga ikatlong partido, gayundin sa ating mga kapwa **onsemi** na empleyado. Bilang karagdagan, dapat tayong mag-ingat na huwag pag-usapan ang gayong impormasyon sa mga pampublikong lugar kung saan maaaring marinig ng iba. Kasama sa kumpidensyal at pagmamay-ari na impormasyon ang:

- Mga disenyo ng produkto o software, mga proseso, diskarte, mga pagtitipon o pormula.
- Mga kontrata ng kostumer at/o impormasyon sa pagpepresyo.
- Mga panukala sa negosyo at/o mga tugon sa mga kahilingan ng kostumer para sa panukala.
- Impormasyon at data ng badyet ng kumpanya.
- Data, pagsusuri, o ulat sa pananalapi ng hindi pampublikong kumpanya.
- Mga logbook ng pag-iinhinyero, mga notebook, mga development folder, mga drawing, atbp., na nauugnay sa teknikal na data na binuo para sa mga bagong produkto o proseso.
- Mga plano sa merkado, mga road map ng produkto, o mga pagsusuri ng panganib.
- Mga press release (bago ang mga opisyal na pag-anunsyo).
- Mga file ng tauhan, personal na impormasyon ng empleyado (data ng suweldo, mga pribado o pampamilyang rekord, atbp.) at mga medikal na rekord.
- Mga pangmatagalang plano sa negosyo at mga ma-estratehikong plano sa negosyo.
- Mga password sa kompyuter.

Kung ikaw ay may isang pangangailangan sa negosyo na magbunyag ng kumpidensyal at pribadong impormasyon sa ikatlong partido, ang ikatlong partidong iyon ay dapat pumirma ng isang kasunduan ng hindi pagpapahayag bago tanggapin ang impormasyong ito. May tungkulin tayong protektahan ang naturang impormasyon sa lahat ng oras. Sa katunayan, ang ating tungkulin ay nagpapatuloy kahit na matapos ang ating trabaho.

Tulad ng inaasahan natin na igalang ng iba ang ating mga karapatan sa intelektwal na pag-aari, dapat nating igalang ang mga karapatan ng iba. Nangangahulugan ito ng pagsunod sa paglilisensya at iba pang katulad na mga kaayusan, pati na rin ang paggalang sa mga karapatan ng iba sa kanilang kumpidensyal na impormasyon, mga lihim ng kalakalan o intelektwal na ari-arian. Kung hindi ka sigurado kung may karapatan kang gumamit o kopyahin ang anumang software o iba pang materyal na may copyright para sa iyong trabaho (kabilang ang open source software), mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Batas.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa ating [Klasipikasyon, Pagmamarka at Proteksyon ng Patakarang sa Pagmamay-ari o Kumpidensyal na Impormasyon](#). Mangyaring tanungin ang iyong tagapamahala o superbisor kung hindi ka sigurado kung saan makikita ang mga patakarang iyon. Tingnan din ang "[Pagtawid sa mga Pambansang Hangganan](#)" na seksyon ng Alituntuning ito tungkol sa mga karagdagang paghihigpit sa paghahayag.

Q (Tanong): *Sa aking tungkulin sa **onsemi**, nakatulong ako sa pagbuo at pagpapatupad ng mga bagong proseso ng pag-iinhinyero na nagpabuti sa paraan ng ating pagnenegosyo. Ipinagmamalaki ko ang aking mga kontribusyon sa lugar na ito, at nais kong irekomenda ang mga prosesong ito bilang isang kasangguni para sa ibang mga kumpanya. Maaari ko bang gawin ito?*

A (Sagot): Hindi. Ang pag-iinhinyero at iba pang mga proseso ay itinuturing na kumpidensyal na impormasyon ng pagmamay-ari ng ating Kumpanya, at hindi dapat ibahagi sa labas ng **onsemi**. Ang pagsisiwalat ng impormasyong ito sa mga ikatlong partido ay maaaring makapinsala sa ating reputasyon at katayuan sa kompetisyon. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa kung ano ang maaaring ituring na kumpidensyal na impormasyon ng pagmamay-ari, kumonsulta sa iyong BEL, sa CCO, sa VP, Etika at CSR o sa Departamento ng Batas bago magbahagi. Bilang karagdagan, kung isinasaalang-alang mo ang pagtatrabaho sa labas, tingnan ang seksyon 11 "Mga Salungatan ng Interes" ng Alituntuning ito para sa higit pang impormasyon.

Pagkapribado

Nagsusumikap kaming protektahan ang personal na impormasyon ng ating mga empleyado, mga kostumer at iba pang tao na may naaangkop na mga pananggalang. Tayong may akses sa personal na impormasyon ay dapat protektahan ito mula sa hindi naaangkop o hindi awtorisadong paggamit o pagsisiwalat at sundin ang lahat ng mga naaangkop na patakaran ng Kumpanya at mga protokol ng seguridad para sa paghawak ng impormasyong ito, pati na rin ang mga batas sa pagkapribado at proteksyon ng data na nalalapat sa ating trabaho.

Tulad ng dapat nating protektahan ang personal na impormasyon, mayroon din tayong responsibilidad na protektahan ang data at kumpidensyal na impormasyon ng mga ikatlong partido. Hindi natin kailanman dapat gamitin o ibunyag ang anumang kumpidensyal na impormasyon ng ikatlong partido maliban kung mayroon tayong malinaw na pahintulot. Dapat kang kumunsulta sa Departamento ng Batas o Human Resources bago ipadala ang naturang impormasyon sa labas ng Kumpanya.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa ating [Patakaran sa Pagkapribado](#).

Paggamit ng Social Media at Internet

Kinikilala ng Kumpanya na ang mga empleyado nito ay nagsasaliksik at nakikipag-ugnayan sa mga panlipunan at online na komunidad. Dapat nating lapitan ang mga mundo ng online sa parehong paraan na ginagawa natin sa isang pisikal — sa pamamagitan ng paggamit ng tamang paghuhusga at tamang pag-iisip — at sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pinapahalagahan, Inisyatiba, Integridad, at Paggalang ng Kumpanya. Kung pipiliin man o hindi ng isang empleyado na lumahok sa isang online na social network, blog, wiki o anumang iba pang anyo ng online na paglalathala o talakayan ay kanyang sariling desisyon. Kinikilala ng Kumpanya na ang mga umuusbong na online na pagtutulungang plataporma ay nagbabago sa paraan ng pakikipag-usap ng mga indibidwal at organisasyon at kinikilala ang kahalagahan ng pakikilahok sa mga online na pag-uusap na ito. Dahil dito, nakatuon tayo sa pagtitiyak na lahat tayo ay lumahok sa social media sa online sa tamang paraan.

Bilang bahagi ng ating dedikasyon sa pagpoprotekta sa kumpidensyal na pagmamay-ari na impormasyon — tulad ng impormasyon ng kostumer, impormasyon ng produkto, mga lihim ng kalakalan at iba pang impormasyon na hindi karaniwang magagamit sa publiko dahil sa sensitibong katangian — hindi natin kailanman dapat ibunyag ang kumpidensyal na

pagmamay-ari na impormasyon sa pamamagitan ng ating paggamit sa mga site na ito. Dapat din nating tiyakin na hindi tayo nag-uugnay ng mga personal na opinyon sa ating Kumpanya o nagpo-post ng hindi naaangkop o nakakasakit na materyal, o materyal na lumalabag sa ating mga patakaran ng Kumpanya. Kasama sa mga halimbawa ng mga hindi katanggap-tanggap na mensahe na nauugnay sa o nauugnay sa ating Kumpanya ang:


- Pang-aalipusta o paninirang-puri tungkol sa **onsemi** o mga direktor, mga empleyado o mga stakeholder nito
- Pang-aalipusta o paninirang-puri tungkol sa ating mga kakumpitensiya
- Mga pahayag batay sa lahi, paniniwala, kulay, edad, kasarian, pisikal na kapansanan o sekswal na oryentasyon
- Mga pahayag tungkol sa mga produkto o mga serbisyo ng ating Kumpanya na hindi tumpak, mapanlinlang o hindi totoo

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang ating [Patakaran sa Social Media](#) at mga kaugnay na patakaran. Kung hindi ka sigurado kung saan makikita ang patakarang ito, mangyaring tanungin ang iyong tagapamahala o superbisor.

Q (Tanong): *Madalas akong lumahok sa ilang mga social networking site, kung saan ipinapahiwatig ko na ako ay isang empleyado ng **onsemi**. Hindi ako kailanman gumagamit ng Facebook o LinkedIn habang nasa trabaho, at bihira kong ikinukwento ang tungkol sa aking trabaho. Kamakailan, pagkatapos ng mahabang negosasyon, nakakuha ako ng isang malaking bagong kontrata sa isang kilalang organisasyon para sa ating Kumpanya. Nag-post ako sa aking Facebook na nagbunga ang aking pagsusumikap, at sa wakas ay isinara ko na ang deal sa organisasyong ito. Binanggit ko rin ang pangalan ng organisasyon, dahil ang mga ito ay pampublikong hawak, at ang aking Facebook account ay pribado. Ayos lang ba ito?*

A (Sagot): Hindi. Bagama't ang pakikipag-ugnayan sa social media ay maaaring maging isang mahusay na paraan upang lumikha ng mga pagkakataon para sa ating Kumpanya, hindi natin dapat ibunyag ang kumpidensyal at pagmamay-ari na impormasyon ng **onsemi** sa mga taong walang negosyong kailangang malaman ito. Kahit na ang mga setting ng iyong account sa mga social networking site ay nakatakda sa "pribado," malamang na nagbabahagi ka pa rin ng impormasyon sa maraming tao na walang negosyo na kailangang malaman ito. Sa pamamagitan ng pagpapakilala sa iyong sarili bilang isang empleyado sa **onsemi**, at pagsisiwalat ng isang bagong deal na hindi pa naisapubliko, inilalagay mo ang iyong sarili at **onsemi** sa malubhang panganib. Ang impormasyong ito ay maaaring ituring na "panloob na impormasyon," na lalabag sa mga batas ng securities bilang karagdagan sa ating Patakaran sa Panloob na Pangangalakal ng Kumpanya at Patakaran sa Pagsisiwalat. Bukod pa rito, ang kontrata mismo ay maaaring sumailalim sa mga probisyon ng pagiging kumpidensyal na nagbabawal sa pagsisiwalat.

Kung nagbunyag ka ng kumpidensyal na impormasyon ng Kumpanya sa pamamagitan ng social media o networking site, tanggalin kaagad ang iyong pag-post at iulat ang pagbubunyag sa iyong tagapamahala o superbisitor, BEL o Departamento ng Batas. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang bumubuo ng panloob na impormasyon, pakitingnan ang sumusunod na seksyon.



Panloob na Impormasyon at Pangangalakal ng Securities

Sa pamamagitan ng ating trabaho sa onsemi, maaari tayong makatagpo ng impormasyon tungkol sa ating Kumpanya o isa pang pampublikong kinalakal na kumpanya na itinuturing na panloob na impormasyon. Ang “panloob na impormasyon” ay materyal, hindi pampublikong impormasyon na ituturing ng isang mamumuhunan na mahalaga kapag nagpasya na bumili, humawak o magbenta ng stock. Kasama sa ilang karaniwang halimbawa ng panloob na impormasyon ang:

- Ang mga hindi inanunsiyong acquisition o mga divestiture
- Hindi pampublikong impormasyon tungkol sa mga resulta ng pananalapi ng ating Kumpanya
- Nakabinbin o nagbabantang paglilitis
- Makabuluhang mga bagong pagpapaunlad ng produkto
- Mga pagbabago sa nakatataas na pamamahala

Hindi tayo pinapayagang magkalakal ng mga securities o katulad na pamumuhunan batay sa panloob na impormasyon. Ang paggawa nito ay tinatawag na “insider trading,” at labag sa mga batas ng maraming bansa kung saan tayo nagnenegosyo. Dapat din nating iwasan ang “pagbibigay ng tip” sa iba — o pagbibigay ng panloob na impormasyon sa kanila upang makagawa sila ng desisyon sa pamumuhunan batay sa panloob na impormasyon. Ilegal din ang pagti-tip sa ilalim ng mga batas sa panloob na pangangalakal.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang ating [Patakaran sa Tagaloob na Pangangalakal](#). Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa pangangalakal sa stock ng **onsemi**, mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Batas bago ka magsagawa ng anumang mga transaksyon sa securities.

Q (Tanong): *Narinig ko ang isang ehekutibo na nagsabi na ang ating Kumpanya ay nagpaplano ng magbenta ng isang pangunahing linya ng negosyo. Pinapayagan ba akong bumili o magbenta ng stock ng Kumpanya batay sa impormasyong narinig ko?*

A (Sagot): Hindi. Hindi tayo pinapayagang mangalakal ng securities ng **onsemi** batay sa panloob na impormasyon. Sa kasong ito, ang impormasyon na iyong narinig ay malamang na materyal, hindi pampublikong impormasyon. Kung mangyari ito, dapat kang makipag-ugnayan sa Departamento ng Batas bago ang anumang mga transaksyon na may kinalaman sa **onsemi** securities. Para sa higit pang mga detalye, mangyaring sumangguni sa ating [Patakaran sa Panloob na Pangangalakal](#).

Katumpakan ng Mga Rekord ng Kumpanya

Ang mga rekord ng ating Kumpanya ay bumubuo ng batayan para sa ating mga ulat sa pananalapi at iba pang mga pampublikong pagsisiwalat. Samakatuwid, ang tapat at tumpak na pagtatala at pag-uulat ng impormasyon ay mahalaga sa paggawa ng mga responsableng desisyon sa negosyo. Kabilang dito ang data ng negosyo, gaya ng kalidad, kaligtasan at mga rekord ng tauhan, gayundin ang lahat ng mga rekord sa pananalapi. Bilang isang pampublikong kumpanya, mahalaga na ang impormasyong isinusumite natin sa ating mga rekord ng Kumpanya ay kumpleto, napapanahon, tumpak at nauunawaan. Ang hindi kumpleto o hindi napapanahon na mga rekord ay maaaring makasira sa reputasyon ng ating Kumpanya at magpapailalim sa **onsemi** at sa mga indibidwal na kasangkot sa legal na pananagutan.

Ang lahat ng ating mga libro sa pananalapi, mga rekord at mga account ay dapat na tumpak na nagpapakita ng mga transaksyon at mga kaganapan. Hindi tayo dapat gumawa ng mali o artipisyal na mga entry. Karagdagan pa, dapat natin palaging sundin ang mga kinakailangang prinsipyo ng accounting, gayundin ang mga panloob na kontrol ng ating Kumpanya. Halimbawa, kapag ang isang pagbabayad ay ginawa, maaari lamang itong gamitin para sa layuning nabaybay sa sumusuportang dokumento. Kung pinaghihinalaan mo ang anumang mga iregularidad sa accounting o pag-audit o pandaraya, dapat mong iulat kaagad ang mga ito.

Pagbibigay ng Impormasyong Pananalapi

Kung minsan, maaari tayong tawagan upang magbigay ng impormasyon para sa ating mga pampublikong ulat. Inaasahan ng ating Kumpanya na sineseryoso natin ang responsibilidad na ito. Sa paggawa nito, dapat tayong magbigay ng maagap at tumpak na mga sagot sa mga katanungang nauugnay sa ating mga kinakailangang pagsisiwalat sa publiko.

Tandaan na ang pagkuha at pagbibigay ng kumpleto at tumpak na impormasyon ng negosyo at pananalapi ay mahalaga para sa atin upang sumunod sa batas.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang ating [Patakaran sa Pagsisiwalat](#).

Espesyal na Responsibilidad

Ang Departamento ng Pananalapi, ilang opisyal ng Kumpanya at mga direktor ng **onsemi** ay may espesyal na responsibilidad na isulong ang integridad sa loob ng ating Kumpanya. Sila ay inaasahan na tiyakin ang katumpakan at pagkakumpleto ng mga pampublikong pagsisiwalat na ibinibigay ng ating Kumpanya. Dahil sa espesyal na tungkuling ito, kinakailangang malaman at maunawaan ng mga sumusunod na indibidwal ang mga batas sa paglalahad ng pananalapi na naaangkop sa kanilang trabaho:

- Bawat miyembro ng Lupon ng mga Direktor
- Ang punong ehekutibong opisyal
- Ang punong opisyal ng pananalapi
- Ang punong opisyal ng accounting o tagapagkontrol, o mga taong gumaganap ng mga katulad na tungkulin
- Bawat miyembro ng Departamento ng Pananalapi ng **onsemi** Corporation at bawat isa sa mga sangay nito

Ang mga paglabag sa mga batas sa pagsisiwalat ng pananalapi ay titingnan bilang matitinding pagkakasala na maaaring magresulta sa aksyon na pandisiplina, hanggang sa at kabilang ang pagwawakas. Kabilang dito ang hindi pag-uulat ng mga potensyal na paglabag ng iba. Kung naniniwala kang may naganap na paglabag, makipag-ugnayan

sa CCO, sa VP, Etika at CSR o sa Departamento ng Batas. Kung mas gusto mong mag-ulat sa isang hindi kilalang batayan, kung saan pinapayagan ng batas, maaari kang magsumite ng ulat sa Helpline ng Etika. Tandaan, labag sa patakaran ng Kumpanya ang pagganti laban sa sinumang gumagawa ng may mabuting hangarin na ulat ng mga paglabag.

Q (Tanong): *Isa sa mga responsibilidad ko sa onsemi ay ang pagpapasok ng impormasyon ng order ng kostumer. Kamakailan, hiniling sa akin ng aking tagapamahala na gumawa ng ilang mga pagsasaayos sa isang order. Espesipiko, sinabi niya sa akin na pabilisin ang naitala na petsa ng order para mapalakas ang benta nitong quarter. Mukhang hindi ito normal sa akin, ngunit ginawa ko kagaya ng sinabi sa akin. Hindi ko dapat tanungin ang aking tagapamahala sa sitwasyong ito, hindi ba?*

A (Sagot): Oo, dapat. Kung may isang bagay na mukhang hindi tama sa iyo — kahit na ang iyong tagapamahala ang humihiling sa iyo na gawin ito — dapat mong iulat ang sitwasyon sa isang mapagkukunan kung saan sa tingin mo ay komportable ka tulad ng iyong BEL, ang CCO, ang Departamento ng Batas o ang Ethics Helpline. Sa kasong ito, maaaring hilingin sa iyo ng iyong tagapamahala na itala nang hindi maayos ang isang order ng kostumer. Kinikompromiso ng pagkilos na ito ang integridad ng ating mga talaan at maaaring maglagay sa **onsemi** — pati na rin sa iyo at sa iyong tagapamahala — sa panganib ng legal na pananagutan. Sa paggawa ng isang pag-uulat, ginagawa mo ang tama para sa iyong sarili, para sa **onsemi** at para sa ating mga shareholder.

Pagtatala at Pagpapanatili ng Mga Komunikasyon sa Negosyo

Kung minsan, maaaring maging pampubliko ang ating mga rekord at komunikasyon sa negosyo. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng paglilitis, pagsisiyasat ng pamahalaan o media. Bilang karagdagan sa pagtiyak na malinaw, totoo at tumpak ang ating mga rekord, dapat din nating panatilihin ang kanilang propesyonal na hitsura. Iwasan ang pagmamalabis, makulay na pananalita, panghuhula, legal na konklusyon, mapang-abusong pananalita o mga paglalarawan ng mga tao at mga kumpanya. Nalalapat ito sa lahat ng uri ng komunikasyon, kabilang ang email at mga impormal na tala o mga memo. Ang mga rekord ay dapat palaging pamahalaan nang alinsunod sa ating pagpapanatili ng rekord at mga

patakaran sa pamamahala. Kung minsan, maaari kang makatanggap ng paunawa na ang mga dokumentong iyong pinamamahalaan ay kailangan kaugnay ng isang demanda o pagsisiyasat ng pamahalaan. Kung nakatanggap ka ng naturang paunawa, hindi mo dapat subukang baguhin, itago o sirain ang nauugnay na impormasyon. Kung hindi ka sigurado kung anong impormasyon ang nauugnay, kontakin ang Departamento ng Batas. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang ating [Patakaran sa Pagpapanatili/Pagsira ng Rekord](#). Mangyaring tanungin ang iyong tagapamahala o superbisor kung hindi ka sigurado kung saan makikita ang patakarang ito.



MGA EMPLEYADO AT MGA DIREKTOR

MGA EMPLEYADO AT MGA DIREKTOR

Sa **onsemi**, iginagalang natin ang dignidad ng bawat isa.

Patuloy na Respeto

Bilang isang pandaigdigang kumpanya, pinahahalagahan natin ang pagkakaiba-iba ng mga indibidwal mula sa buong mundo. Nauunawaan ng ating Kumpanya na nangangailangan ng iba't ibang opinyon, mga ideya, mga paniniwala at mga kasanayan upang maging matagumpay. Tinatanggap natin ang mga pagkakaibang ito, at tinatrato natin ang isa't isa nang may paggalang at pagkamakatarungan sa lahat ng oras. Para sa layuning iyon, nakatuon tayo sa pagpigil sa mga gawain tulad ng sapilitang pagtatrabaho at pagtatrapiko ng tao. Ang **onsemi** ay nagbibigay ng makatwirang mga oras ng pagtatrabaho, patas na kabayaran, at makataong pagtatrato sa lahat ng gumagawa ng trabaho para sa atin. Inaasahan natin na susundin ng ating mga kostumer, mga tagapagtustos at iba pang mga kasosyo sa negosyo ang parehong mga prinsipyong ito. Sa paggawa nito, ikinakatawan natin ang mga pangunahing pinahahalagahan kung saan nagpapatakbo ang ating Kumpanya.

Bilang karagdagan, hindi pinahihintulutan ng **onsemi** ang diskriminasyon. Gumagawa lamang tayo ng mga desisyon sa pagtatrabaho batay sa mga kwalipikasyon, mga talento at mga tagumpay — hindi sa mga katangiang protektado ng batas. Kabilang sa mga naturang katangian ang, ngunit hindi limitado sa lahi, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, sex, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian o pagpapahayag ng kasarian, edad, kapansanan, katayuan sa pag-aasawa, sekswal na oryentasyon, impormasyong panghenetiko, katayuang militar at beterano o anumang iba pang legal na protektadong katangian. Sumusunod tayo sa mga naaangkop na batas, regulasyon, pamantayan at mga tuntunin saanman tayo nagnenegosyo. Kabilang dito ang diskriminasyon, pagpapatrabaho sa bata at mga batas sa sahod at oras. Nagbibigay din tayo ng mga makatwirang kaluwagan kung kinakailangan para sa mga may kapansanan at mga relihiyosong paniniwala at mga kasanayan.

Pag-iwas sa Panliligalig

Ang paggalang sa bawat isa bilang mga indibidwal ay nangangahulugan din na hindi tayo nakikibahagi sa mapanligalig na pag-uugali. Ang panliligalig ay maaaring maging sekswal o hindi sekswal ang kalikasan. Maaari itong maging berbal, pisikal o biswal, at ang kahulugan nito ay maaaring mag-iba-iba sa bawat bansa. Sa **onsemi**, gayunpaman, ang panliligalig ay anumang pag-uugali na may layunin o epekto ng paglikha ng isang nakakatakot, pagalit o nakakasakit na kapaligiran. Kabilang sa mga karaniwang halimbawa ng panliligalig ay:

- Mga mapanlait na komento, mga paninira o pagtatawag ng pangalan
- Mga hindi kanais-nais na sekswal na paglapit

- Nakakasakit o mapanlait na mga pagpapakita o mga pagkilos
- Pag-atake, pambu-bully, pananakot o hindi ginustong paghipo

Maging anuman ang anyo nito, ang mapang-abuso, mapanligalig o nakakasakit na pag-uugali ay hindi katanggap-tanggap sa **onsemi**. Kung ikaw ay hindi komportable sa pag-uugali ng isang katrabaho, hinihikayat kang magsalita. Maaari kang mag-ulat ng panliligalig sa iyong tagapamahala, superbisor o BEL, magsumite ng isang ulat sa Ethics Helpline o makipag-ugnayan sa CCO. Tandaan na hindi papahintulutan ng **onsemi** ang anumang gawain ng paghihiganti laban sa iyo para sa paggawa nito.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang ating [Patakaran sa mga Karapatang Pantao](#) at Pang-aalipin at [Pahayag sa Patakaran sa Pagtatrapiko ng Tao](#)

Q (Tanong): *Kamakailan, ang aking bansang pinagmulan ay naging tanyag sa mga balita para sa mga pampulitikang pakikibaka nito. Ang ilan sa aking mga katrabaho ay magalang na nagtanong para sa aking mga saloobin tungkol sa bagay na ito, na hindi nakakaabala sa akin. Gayunpaman, ang isang katrabaho ay gumagawa ng mga hindi sensitibong komento tungkol sa aking kultura at ini-estereotipo ako batay sa kanyang narinig. Kapag hindi ako tumugon sa kanyang mga pang-iinsulto, nagsasabi siya ng mas masama pang mga bagay. Kapag nagbanta akong sasabihin sa aming superbisor, sinasabi niya sa akin na ito ay katuwaan lamang at dapat akong magrelaks. Pakiramdam ko hindi ako mananalo. Ano ang maaari kong gawin sa sitwasyong ito?*

A (Sagot): Nililigalig ka ng iyong katrabaho, at inilalagay ka nito sa isang hindi komportableng sitwasyon sa trabaho. Sinabi mo na sa iyong katrabaho na hindi katanggap-tanggap ang kanyang pag-uugali — ngayon ay dapat kang kumilos at sabihin sa iyong superbisor, o sa ibang mapagkukunan kung saan ikaw ay komportable. Huwag hayaan ang nakakasakit na katrabaho na kumbinsihin kang hindi magulat ng kanyang pag-uugali. hindi kinukunsinti ng **onsemi** ang mga mapanirang komento o pang-aapi sa lugar ng trabaho, at gagawa ng naaangkop na aksyon sa lahat ng mga kaso ng paniligalig.

Kaligtasan at Kalusugan

Ang ating Kumpanya ay nakatuon sa pagpapanatili na walang mga panganib sa ating mga lugar ng trabaho. Ang bawat isa sa atin ay may pananagutan sa pagpapanatili ng isang ligtas na kapaligiran sa trabaho. Ginagawa natin ito, nang bahagi, sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga panuntunan at kasanayan sa kaligtasan at kalusugan na nasa lugar. Kapag nangyayari ang mga aksidente o pinsala, mayroon tayong responsibilidad na iulat ang mga ito. Naaangkop din ito sa kagamitan, mga kasanayan o mga kundisyon na pinaniniwalaan nating hindi ligtas. Kung pinaghihinalaan mo ang isang potensyal na isyu sa kalusugan o kaligtasan, makipag-ugnayan sa iyong lokal na kinatawan sa kalusugan at kaligtasan, o sa iyong BEL.

Ang isang ligtas, malusog na kapaligiran ay yung isa na libre sa karahasan. Hindi tayo kailanman dapat kumilos sa isang paraan na nagbabanta o nakakatakot. Ang anumang marahas o nagbabantang

pag-uugali ay dapat iulat kaagad sa isang superbisor, lokal na seguridad o Human Resources. Kung ikaw o ang iyong mga katrabaho ay nasa kagyat na panganib, makipag-ugnayan sa lokal na awtoridad.

Pinakahuli, ang ating Kumpanya ay nakatuon sa isang lugar ng trabaho na libre sa paggamit ng mga ilegal na droga at pag-aabuso ng alak, na maaaring makapigil sa atin na gawin ang ating mga trabaho nang ligtas at epektibo. Ang pagtatrabaho sa ilalim ng impluwensya ng droga o alkohol ay lumilikha ng mga panganib para sa atin at sa ating mga katrabaho. Samakatuwid, hindi tayo maaaring magtaglay, mamamahagi o maging nasa ilalim ng impluwensya ng mga ilegal na gamot o hindi wastong paggamit ng iniresetang gamot habang nasa mga lugar ng Kumpanya, o kapag nagsasagawa ng negosyo ng Kumpanya. Higit pa rito, hindi tayo dapat pahinain ng alak habang nagsasagawa ng negosyo ng Kumpanya.

The background of the slide features a large, stylized world map in shades of orange and yellow, set against a bright, hazy sky. In the foreground, the silhouettes of a man and a woman are shown shaking hands, symbolizing a business agreement or partnership. The overall tone is professional and global.

MGA KOSTUMER AT MGA MAMIMILI


MGA KOSTUMER AT MGA MAMIMILI

Ang **onsemi** ay hinihimok upang matugunan at lumampas sa inaasahan ng ating mga kostumer.

Kalidad at Kaligtasan ng Produkto

Pinapanatili natin ang mahalagang reputasyon ng ating Kumpanya sa pamamagitan ng paggawa ng ligtas at de-kalidad na mga produkto. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga proseso ng kalidad at mga kinakailangan sa kaligtasan sa lugar sa mga lokasyon kung saan tayo nagtatrabaho. Sumusunod din tayo sa lahat ng mga naaangkop na pamantayan at mga regulasyon sa pagbuo, paggawa, pagbebenta at pamamahagi

ng ating mga produkto. Mapipinsala natin ang ating mabuting pangalan kung nagpapadala tayo ng mga produkto o naghahatid ng mga serbisyong hindi nakakatugon sa matataas na pamantayan ng ating Kumpanya. Kung mayroon kang anumang mga katanungan o alalahanin na may kaugnayan sa kalidad at kaligtasan ng produkto, dapat kang kumunsulta sa iyong tagapamahala, superbisor o sa Departamento ng Kalidad.



Pagbebenta at Pagmemerkado

Bumubuo tayo ng mga pangmatagalang relasyon sa ating mga kostumer sa pamamagitan ng katapatan at integridad. Samakatuwid, ang ating pagmemerkado at pag-aanunsiyo ay dapat palaging tumpak at totoo. Hindi tayo kailanman naglalabas ng sadyang mapanlinlang na mga mensahe o nag-aalis ng mahahalagang katotohanan tungkol sa ating mga produkto o serbisyo. Bilang karagdagan, hindi tayo gumagawa ng mali o mapanghamak na pahayag tungkol sa mga alok ng ating mga kakumpitensya.

Nakikitungo tayo nang patas sa ating mga kostumer, gayundin sa ating mga tagapagtustos at iba pang mga kasosyo sa negosyo. Kinukuha lamang natin ang negosyo nang legal at etikal. Ang mga suhol o kickback ay hindi kailanman katanggap-tanggap. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga regalo ng kostumer, paglalakbay at libangan, tingnan ang [“Mga Salungatan ng Interes”](#) na seksyon ng Alituntuning ito.

Kumpidensiyal na Impormasyon ng Kostumer

Pinoprotektahan natin ang pribadong impormasyon ng ating mga kostumer at mga mamimili tulad ng sa atin. Ang mga may negosyo lamang na kailangang makaalam ng kumpidensiyal na impormasyon ang dapat magkaroon ng akses dito. Huwag kailanman

gamitin sa maling paraan o maling gamitin ang naturang impormasyon. Para sa higit pa sa paksang ito, tingnan ang [“Kumpidensiyal na Impormasyon sa Pagmamay-ari”](#) na seksyon ng Alituntuning ito.

Mga Kostumer na Pamahalaan

Kapag nakikitungo sa mga kostumer na pamahalaan, mahalagang sumunod tayo sa mga batas, regulasyon at pamamaraan na nalalapat sa kontratang trabaho ng pamahalaan. Ang mga naturang batas ay karaniwang naglalagay ng mahigpit na mga limitasyon sa mga regalo, libangan at paglalakbay na inaalok sa mga opisyal ng pamahalaan. Naaangkop din silang madalas sa pag-eempleyo ng mga kasalukuyan o kamakailang retiradong opisyal at kanilang mga pamilya. Dagdag pa, ang mga batas na ito ay namamahala sa anumang pag-uugali na maaaring lumikha, o lumilitaw na gumagawa ng isang hindi tamang impluwensya. Maraming iba pang batas ang mahigpit na namamahala sa mga kasanayan sa accounting at paniningil na inilalapat sa pagsasagawa ng mga kontrata at subcontract ng pamahalaan.

Pinag-iingatan nating sundin ang lahat ng mga naturang batas, na sumusunod sa lahat ng legal at kontraktwal na obligasyon na naaangkop sa atin sa buong mundo. Kapag gumagamit tayo ng mga tagapagtustos o mga subcontractor para tuparin ang ating mga pangako, ipinapaalam natin sa kanila ang mga kaparehong kinakailangan.

Kung nakikitungo ka sa mga opisyal at kontrata ng pamahalaan, ikaw ay responsable para sa pag-alam at pagsunod sa mga naaangkop na batas at mga regulasyon. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring kumonsulta sa iyong tagapamahala, superbisor, BEL o sa Departamento ng Batas.



MGA KASOSYO SA NEGOSYO

MGA KASOSYO SA NEGOSYO

Ang pagbuo ng mga de-kalidad na relasyon sa ibang mga kumpanyang may katulad na pag-iisip ay nagbibigay sa **onsemi** ng isang mapagkumpitensiyang kalamangan.

Pakikipagnegosyo sa Iba

Nagsasagawa lamang tayo ng negosyo sa mga kasosyo na nagpapaganda ng ating reputasyon at nagdaragdag ng halaga para sa ating mga shareholder. Sa layuning ito, hinahangad nating makipagnegosyo sa mga kumpanyang ang mga halaga ay katulad ng sa atin. Hindi tayo nakikipagtulungan sa mga ikatlong partido na kumikilos sa ilegal o hindi etikal na paraan. Inaasahan natin ang ating mga kasosyo sa negosyo na sumunod sa mga lokal na batas sa kapaligiran, trabaho, kaligtasan at paglaban sa katiwalian. Ang mga kasosyo ng **onsemi** ay inaasahang sumunod din sa ating Alituntunin.

Mga Ahente at mga Kasangguni

Ang ating mga dealer, distribyutor, mga ahente, mga tagahanap at mga kasangguni ay binabayaran ng mga makatwirang bayarin at mga rate ng komisyon. Nangangahulugan ito na ang halaga ng produktong natanggap, o ang gawaing aktwal na ginawa ay binayaran nang patas at walang pagkiling. Hindi tayo nagbabayad ng mga komisyon o bayarin na mayroon tayong dahilan upang paniwalaan na suhol o magiging suhol.

Mga Subcontractor

Ang mga subcontractor ay may mahalagang papel sa pagtupad sa marami sa ating mga kontrata. Ang mga subcontractor na pipiliin natin ay dapat pangalagaan at palakasin ang ating reputasyon sa pamamagitan ng naaalinsunod na pagkilos sa ating Alituntunin.

Mga Magkasamang Pakikipagsapalaran at mga Alyansa

Ang **onsemi** ay nakikipagsosyo lamang sa mga kumpanyang nakikibahagi sa ating pagtutuo sa etika.

Q (Tanong): *Pinapanatili ko ang mga relasyon sa ilang mga tagapagtustos ng **onsemi**.*

Nalaman ko kamakailan na ang isang naturang tagapagtustos ay nasa ilalim ng imbestigasyon para sa hindi tamang pagtatapon ng mga mapanganib na materyales. Pagkatapos ay nagsaliksik ako ng impormasyong magagamit sa publiko at nalaman na ang partikular na tagapagtustos na ito ay pinagmulta para sa mga katulad na kasanayan noong nakaraan. Sa tingin ko ito ay maaaring maging lubhang nakakapinsala para sa ating Kumpanya na ipagpatuloy ang relasyong ito sa negosyo. Ano ang dapat kong gawin?

A (Sagot): Ang iyong mga alalahanin ay balido. Lumilitaw na ang tagapagtustos na ito ay may kasaysayan ng gawaing ilegal at hindi etikal. Ikaw ay hinihikayat na iulat ang iyong mga natuklasan sa pinuno ng ating Global Supply Chain Organization, sa iyong BEL, Ethics Helpline, CCO o VP, Etika at CSR upang makatulong na ganap na imbestigahan ng **onsemi** ang usapin. Pagkatapos suriin ang mga katotohanan, maaaring magpasya ang **onsemi** kung wawakasan ang relasyon sa negosyo. Sa anumang kaso, ginagawa mo ang tamang bagay sa pamamagitan ng paghaharap ng iyong mga alalahanin.

Mga Kasanayan sa Pagbili

Tayo ay gumagawa ng mga desisyon sa pagbili batay lamang sa pinakamahasag na interes ng ating Kumpanya. Ang mga tagapagtustos ay nananalo ng ating negosyo dahil sa kalidad ng kanilang mga produkto o mga serbisyo, presyo, paghahatid at kalidad. Idinodokumento natin ang lahat ng kasunduan sa pagbili at mga katulad na pangako. Sa atin na may mga responsibilidad sa pagbili ay dapat ding malinaw na tukuyin ang lahat ng sumusunod:

- Ang mga serbisyo o produkto na ibibigay
- Ang batayan para kitahin ang bayad
- Ang naaangkop na rate o bayad

Tandaan na gumagawa lang tayo ng mga pagbabayad na katumbas ng mga serbisyo o mga produktong ibinigay. Ang mga suhol ay hindi kukunsintihin.

Kumpidensiyal na Impormasyon ng Kasosyo sa Negosyo

Pinoprotektahan natin ang impormasyon ng kasosyo sa negosyo na sensitibo, may pribilehiyo o kumpidensiyal tulad ng ginagawa natin sa ating sarili. Ang kumpidensiyal na impormasyon ay dapat na ibahagi lamang sa mga may lehitimong negosyo

na kailangang malaman ito. Bilang karagdagan, inaasahan natin na poprotektahan ng ating mga kasosyo sa negosyo ang kumpidensiyal na impormasyong ibinibigay natin sa kanila.





MGA KAKUMPITENSIYA

MGA KAKUMPITENSIYA

Tayo ay nakikipagkumpitensya nang agresibo at may integridad.

Mapagkumpitensiyang Impormasyon

Kinikilala ng ating Kumpanya ang halaga ng pagkuha ng impormasyon tungkol sa ating mga kakumpitensya. Gayunpaman, dapat lamang tayong gumamit ng naaayon sa batas at etikal na mga paraan upang mangalap ng gayong mapagkumpitensiyang impormasyon. Nangangahulugan ito na tayo ay hindi kailanman:

- Nagnanakaw ng impormasyon sa pagmamay-ari
- Kumukuha ng lihim na impormasyon sa kalakalan nang walang pahintulot ng may-ari
- Humihiling sa mga dati o kasalukuyang empleyado ng ating mga kakumpitensya na ibahagi ang kumpidensyal na impormasyon ng kanilang mga kumpanya

- Maling irepresenta ang ating mga pagkakakilanlan o intensyon upang makakuha ng akses sa hindi pampublikong impormasyon

Kung makatagpo ka ng mga lihim ng kalakalan o kumpidensyal na impormasyon ng ibang negosyo, dapat mo itong iulat kaagad sa iyong tagapamahala o superbisor. Huwag gamitin o ibunyag ito sa iba. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung legal o etikal ang pangangalap ng impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapamahala, superbisor, BEL, CCO, VP, Etika at CSR o sa Departamento ng Batas. Maaari mo ring isumite ang iyong mga katanungan gamit ang Ethics Helpline.

Q (Tanong): *Kamakailan ay dumalo ako sa isang kumperensya ng industriya, kung saan naroroon ang mga kinatawan mula sa marami sa mga kakumpitensya ng onsemi. Ang kumperensya ay ginanap sa isang marangyang hotel at resort sa buong bansa kung saan ako nagtatrabaho. Nang pumunta ako sa business center para i-print ang aking boarding pass para sa pabalik na flight, narinig ko ang ilang tao na nag-uusap tungkol sa mga bagong pagbuo ng produkto. Napagtanto ko na lahat sila ay nagtrabaho para sa isa sa mga pangunahing kakumpitensya ng onsemi, at walang ideya kung sino ako. Ang impormasyon na aking narinig ay maaaring maging lubhang kapaki-pakinabang para sa onsemi. Ano ang dapat kong gawin?*

A (Sagot): Kung nakita mo ang iyong sarili sa isang sitwasyon kung saan ang mapagkumpitensiyang impormasyon ay isinisiwalat, huwag umupo at makinig. Malamang na, ang impormasyon ay kumpidensyal at hindi mo dapat marinig ito. Ipaalam sa ibang mga partido na hindi mo sila sinasadyang marinig, at dapat nilang ipagpatuloy ang kanilang pag-uusap nang pribado. Kapag bumalik ka mula sa kumperensya, iulat ang sitwasyon sa iyong tagapamahala, superbisor o BEL para sa dokumentasyon. Pinakamahalaga, kung kumpidensyal ang impormasyon, huwag gamitin o ibahagi ang impormasyong narinig mo. Ang paggawa nito ay hindi etikal, at maaaring labag sa batas.



Bumalik sa Indise

Patatas na Kumpetisyon at Antitrust

Tayo ay sumusunod sa mga batas ng "kumpetisyon" o "antitrust" ng maraming bansa kung saan tayo ay nagnenegosyo. Ang mga batas ng kumpetisyon ay umiiral upang mapanatili ang malayang kalakalan sa pamilihan. Pinahihintulutan nila ang mga mamimili na ma-akses ang mga de-kalidad na produkto at mga serbisyo sa patas na presyo. Ang mga batas na ito ay kumplikado at nag-iiba-iba sa bawat bansa. Karaniwang ipinagbabawal nila ang pagpasok sa pormal o impormal na mga kasunduan sa mga kakumpitensya na naghihigpit sa kalakalan. Kabilang dito ang:

- Paglalaan o paglilimita ng mga kostumer, mga kontrata, mga teritoryo o mga produkto at mga serbisyo
- Pagtatakda ng mga presyo o tuntunin ng pagbebenta
- Paglilimita sa produksyon o pananaliksik at pagpapaunlad
- Pagtanggap na makipagnegosyo sa, o "pag-boycott," sa isang kostumer o tagapagtustos
- Paglalagay ng pamantayan sa mga katangian ng mga magagamit na produkto o mga serbisyo
- Pag-iwas sa pagbebenta o pagmemerkado ng ilang mga produkto o mga serbisyo
- Pagtatangkang monopolyohin o alisin ang kumpetisyon

Mahalagang tandaan na kahit na ang paglitaw ng isang kasunduan sa pagitan ng mga magkakakumpitensya ay maaaring lumabag sa mga batas ng kumpetisyon. Sanayin ang pag-iingat kapag dumadalo sa mga asosasyon ng kalakalan o iba pang mga pagpupulong at kaganapan kung saan maaaring naroon ang mga kakumpitensya ng **onsemi**. Kung sinubukan ng isang kinatawan ng isang kakumpitensya na talakayin ang alinman sa mga paksa sa itaas sa iyo, ihinto kaagad ang pag-uusap. Gawing malinaw na hindi ka nakikilahok sa anumang kasunduan sa kakumpitensiyang ito. Pagkatapos, iulat kaagad ang insidente.

Kung may mga katanungan ka tungkol sa mga batas ng kumpetisyon, at paano nalalapat ang mga ito sa iyong trabaho, kumunsulta sa CCO, sa VP, Ethics at CSR o sa Departamento ng Batas.

Q (Tanong): *Nakatagpo ako kamakailan ng isang kaibigan mula sa kolehiyo na ngayon ay nagtatrabaho na sa isa sa ating mga kakumpitensya. Tinatanong niya ako tungkol sa onsemi sa paraang iniisip kong baka gusto niyang magtrabaho dito. Pagkatapos ay ginulat niya ako sa pamamagitan ng pagsasabi sa akin na kung ang ating Kumpanya ay magtaas ng mga presyo, ang kanyang kumpanya ay magkakaroon din ng puwang na maningil ng higit pa para sa kanilang mga produkto. Anong gagawin ko?*

A (Sagot): Una, itigil ang pag-usap. Gawing malinaw sa iyong kaibigan na hindi ka magiging bahagi ng mga pag-uusap laban sa kompetisyon. Tandaan, kahit na ang isang impormal na pag-unawa sa pagitan ng mga kakumpitensya ay maaaring isang paglabag sa ating Alituntunin, sa ating mga patakaran at mga batas ng kumpetisyon. Pagkatapos, iulat ang sitwasyon sa Departamento ng Batas o CCO para sa follow-up.



MGA KOMUNIDAD

MGA KOMUNIDAD

Ang onsemi ay isang responsableng mamamayan sa lahat ng komunidad kung saan tayo nagnenegosyo.

Serbisyong Pangkomunidad

Tayo ay naglilingkod sa lipunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga episyente sa enerhiyang pagbabago. Bilang karagdagan, aktibo nating sinusuportahan ang mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo. Tayo ay naniniwala na ang pagbibigay pabalik sa ating mga pandaigdigang komunidad ay nagpapatibay sa ating etikal na kultura at ginagawa

ang **onsemi** na isang mas magandang lugar para magtrabaho. Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga programang inisponsor ng Kumpanya at mga pagkakataong magboluntaryo, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na tagapayo sa pagbibigay([tingnan ang listahan dito](#)) o mag-email sa foundation@onsemi.com.

Mga Personal na Gawaing Pangkomunidad

Bilang karagdagan sa maraming mga programa at organisasyon na sinusuportahan ng **onsemi**, hinihikayat tayo ng ating Kumpanya na mag-ambag sa mga layuning mahalaga sa atin bilang mga indibidwal. Malaya tayong suportahan ang komunidad, kawang-gawa at mga organisasyong pampulitika at mga layunin na ating pinili. Gayunpaman, dapat nating gawing malinaw na ang ating mga pananaw at kilos ay hindi sa **onsemi**. Dapat nating tiyakin na ang ating mga aktibidad sa

labas ay hindi makahahadlang sa ating pagganap sa trabaho o makakasira sa reputasyon ng ating Kumpanya. Kung pipiliin mong suportahan ang isang organisasyon o layunin, hindi mo maaaring pilitin ang mga katrabaho na suportahan o mag-ambag sa layuning ito. Ito ay totoo maging ang layunin ay pampulitika, relihiyoso o kawanggawa. Bilang karagdagan, huwag subukang impluwensyahan ang isa pang empleyado o direktor ng **onsemi** upang ibahagi o ipahayag ang iyong mga pananaw.

Mga Pampulitikong Aktibidad ng onsemi

Ang pakikilahok sa mga aktibidad na pampulitika ay isang napakasensitibo at kumplikadong lugar, at ang mga mahigpit na batas ay namamahala sa ating mga aktibidad na pampulitika bilang isang Kumpanya. Para sa kadahilanang ito, ang **onsemi** ay hindi gumagawa ng mga kontribusyong pampulitika sa mga indibidwal na kandidato. Bilang mga indibidwal, hindi natin maaaring gamitin ang pangalan, mga pondo, oras ng trabaho ng empleyado, ari-arian, kagamitan o mga serbisyo ng ating Kumpanya upang suportahan ang mga indibidwal na kandidato o sa mga komiteng sumusuporta o sumasalungat sa mga indibidwal na kandidato; siguraduhin na ang iyong

mga pampulitikang pananaw at aktibidad ay hindi itinuturing na sa **onsemi**. Ang mga kahilingan para sa mga kontribusyong pampulitika para suportahan ang mga partido o komiteng pampulitika, o para suportahan o salungatin ang mga proposisyon o inisyatiba sa balota, ay dapat isangguni sa CCO, VP, Etika at CSR o sa Departamento ng Batas. Ang mga aktibidad sa pag-lobby o mga pakikipag-ugnayan ng pamahalaan sa ngalan ng ating Kumpanya ay dapat na iugma sa Departamento ng Pinuno ng Mga Gawain ng Pamahalaan sa Departamento ng Batas

Kapaligiran

Iginagalang natin ang mga kapaligiran kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho. Nangangahulugan ito, nang bahagi, na sumusunod tayo sa lahat ng naaangkop na batas sa kapaligiran sa lahat ng mga bansa kung saan tayo nagpapatakbo. Ang ating Kumpanya ay nakatuon din sa pagpoprotekta sa ating kapaligiran sa pamamagitan ng pagpapaliit ng epekto ng ating mga operasyon. Pinapatakbo natin ang ating mga negosyo sa mga paraan na nagsusulong ng napapanatiling paggamit ng mga likas na yaman ng mundo. Bilang mga empleyado at direktor ng **onsemi**, sinusupportahan natin ang pangakong ito sa pamamagitan ng pagsunod

sa mga patakaran at mga programa ng ating Kumpanya sa kapaligiran. Kung pinaghihinalaan mo na ang mga mapanganib na materyales ay pumapasok sa kapaligiran, o hindi wastong pinangangasiwaan o itinatapon, ipagbigay-alam kaagad sa iyong lokal na kinatawan ng Kalusugan at Kaligtasan sa Kapaligiran. Maaari mo ring kontakin ang iyong BEL, ang Ethics Helpline, ang CCO o ang VP, Etika at CSR upang iulat ang mga naturang insidente.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang ating [Patakaran sa Pagbabago ng Klima](#).

Q (Tanong): *Nagtatrabaho ako sa isang pasilidad sa pagmamanupaktura ng **onsemi** kung saan nagkaroon ako ng kontak sa mga mapanganib na materyales. Ang ating Kumpanya ay may napakalinaw na mga pamamaraan na nakabalangkas para sa paghawak ng mga materyales na ito. Gayunpaman, nang lumabas ako sa aking pahinga kahapon, nasaksihan ko ang dalawa sa aking mga katrabaho na direktang nagtatapon ng mga materyales na ito sa isang basurahan sa halip na sumunod sa protocol. Hindi ko maisip kung bakit nila ginagawa iyon. Dapat ko bang sabihin sa isang tao?*

A (Sagot): Oo, dapat mong iulat kaagad ang iyong naobserbahan. Ang ginagawa ng iyong mga katrabaho ay hindi lamang mapanganib, ito ay labag sa batas. Ang mga mapanganib na materyales ay mahigpit na kinokontrol at dapat na itapon nang maayos. Ang paggawa nito ay naglalagay sa panganiib ng ating kapaligiran, ng ating mga nakapaligid na komunidad at ang ating Kumpanya — kasama ang ating mga kapwa empleyado.

Pakikipag-usap sa Mga Panlabas na Madla

Mahalaga sa ating kultura at mga operasyon na tayo sa **onsemi** ay nagsasalita nang may iisang boses. Ang paggawa nito ay nagtitiyak ng mga propesyonal at pare-parehong komunikasyon sa buong mundo. Para sa kadahilanang ito, ang mga itinalagang tagapagsalita lamang ang inaprubahan upang tumugon o makipag-ugnayan sa mga panlabas na partido — katulad ng mga miyembro ng media, mga analista ng industriya, mga pampinansiyal na analista at mga namumuhunan. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga tagapagsalita ito sa paligid, naiwasan natin na maalis sa konteksto ang ating mga salita ng mga reporter o iba pang miyembro ng media o iba pang panlabas na organisasyon.

Kung nakatanggap ka ng kahilingan mula sa media para sa impormasyon, para sa isang pakikipanayam o upang mag-akda ng isang teknikal na artikulo o magpakita ng isang papel, dapat mong ipasa ang kahilingan sa isang miyembro ng pangkat ng Media Relations, na hahawak sa kahilingan o magbibigay ng suporta at gabay. Para sa higit pang mga detalye, mangyaring sumangguni sa

site ng ating Media Relations. Katulad nito, ang mga kahilingan mula sa mga pampinansiyal na analista at shareholder ay dapat na ipasa sa pinuno ng Investor Relations. Pagdating sa mga panlabas na komunikasyon, responsibilidad nating lahat na sumunod sa ating [Patakaran sa Pagsisiwalat](#).

Inaasahan tayong makipagtulungan sa mga kahilingan para sa impormasyon mula sa mga ahensya at regulator ng pamahalaan. Ang impormasyong ibinibigay natin sa kanila ay dapat na totoo at tumpak. Huwag kailanman baguhin o sirain ang mga dokumento o mga tala bilang tugon sa isang pagsisiyasat o iba pang legal na kahilingan.

Dapat ka ring sumangguni sa CCO, VP, Etika at CSR o sa Departamento ng Batas bago tumugon sa anumang hindi karaniwang mga kahilingan. Kung ikaw ay nagdududa, humingi ng gabay sa isa sa mga mapagkukunang magagamit mo.

Q (Tanong): *Ako ay isang empleyado ng **onsemi**. Sa aking bakanteng oras, nag-aambag ako sa isang blog na nauugnay sa industriya, kung saan hinuhulaan at tinatalakay ko ang mga pagbabago sa merkado pati na rin ang mga pagsulong sa pananaliksik at pag-unlad. Ako ay maingat na hindi magbahagi ng alinmang kumpidensiyal na impormasyong pagmamay-ari ng **onsemi**, na ibinabatay lamang ang aking mga kontribusyon sa impormasyong magagamit sa publiko. Pagkatapos ng kamakailang pag-post, nakipag-ugnayan sa akin ang isang mamamahayag tungkol sa pagkakasangkot ng **onsemi** sa nakabinbing paglilitis. Nagkataong alam kong mali ang mga paratang na ito. Tumugon ako sa mamamahayag upang ipaalam ito sa kanya, at para ipaalam din sa kanya na hindi ko pinahalalagahan ang pakikipag-ugnayan niya sa akin nang personal tungkol sa aking Kumpanya. Kailangan ko bang sabihin sa sino man ang tungkol dito?*

A (Sagot): Oo, kailangan mong gawin ito. Ang iyong pakikipagsulatan sa mamamahayag ay hindi naangkop. Kung direktang makipag-ugnayan sa iyo ang isang miyembro ng media upang magtanong tungkol sa **onsemi**, hindi ka dapat tumugon. Dapat mong ipaliwanag ang mga pangyayari na naghatid sa pakikipag-ugnayan sa iyo ng mamamahayag na ito sa departamento ng Media Relations (Mga Panlabas na Komunikasyon), upang matiyak ng **onsemi** na kumikilos ka sa loob ng ating Patakaran sa Pagsisiwalat at iba pang mga aspeto ng patakaran. Ang pagtugon sa mamamahayag na ito nang walang pahintulot na gawin ito ay nagbibigay-daan para sa posibilidad ng maling impormasyon. Kapag may pagdududa, magtanong bago kumilos. Gayundin, para sa impormasyon sa naaangkop na paggamit ng social media, pakitingnan ang “[Paggamit ng Social Media at Internet](#)” na seksyon ng Alituntuning ito.



MGA PAMAHALAAN

MGA PAMAHALAAN

Sumusunod tayo sa mga batas ng mga bansa kung saan tayo nagpapatakbo.

Mga Batas Laban Sa Katiwalian

Dapat tayong sumunod sa lahat ng batas laban sa katiwalian saanman tayo nagnenegosyo, nang walang eksepsyon. Kabilang dito ang U.S. Foreign Corrupt Practices Act (FCPA), na nalalapat sa ating mga negosyo sa buong mundo, at iba pang katulad na naaangkop na mga batas laban sa katiwalian sa bawat bansa kung saan tayo nagnenegosyo. Ang mga batas laban sa katiwalian, sa pangkalahatan, ay nagbabawal sa pag-aalok o pagbabayad ng anumang bagay na may halaga — kabilang ang pera, mga regalo, paglalakbay, mga pagkain at libangan — sa sinumang opisyal ng pamahalaan upang maimpluwensyahan ang pagganap ng mga opisyal na tungkulin at upang mapanatili o makakuha ng negosyo. Ang mga opisyal o empleyado ng pamahalaan sa anumang antas — kabilang ang mga empleyado ng mga unyon ng manggagawa, partidong pampulitika at mga negosyong pag-aari ng estado o kontrolado ng estado, pati na rin ang mga kandidato para sa pampublikong katungkulan — ay maaaring ituring na “mga opisyal ng pamahalaan.”

Dapat din nating tiyakin na ang ating mga distribyutor, mga ahente, mga kasangguni at iba pang mga kasosyo sa negosyo ay umiwas sa paggawa ng mga pagsasanay ng katiwalian sa ngalan natin. Tayo ay hindi makakagawa ng anumang pagbabayad sa isang kasosyo sa negosyo, o anumang ikatlong partido, kung ito ay gagamitin para sa isang ipinagbabawal na pagbabayad. Kapag tayo ay nakikipag-ugnayan sa mga kasosyo sa negosyo, ginagawa natin ang ating makakaya upang matiyak na nagpapakita sila ng mataas na pamantayan ng etikal na pag-uugali.

Maraming batas laban sa katiwalian ang nanghihingi din na panatilihin natin ang tumpak at malinaw na mga aklat at mga rekord. Ang bawat isa sa atin, anuman ang bansa kung saan tayo nagtatrabaho, ay dapat sumunod sa mga kinakailangang ito, kahit kung saan ang mga pagsasanay ng katiwalian ay maaaring inaasahan o nakaugalian.

Bilang paalala, ipinagbabawal ng ating Kumpanya ang lahat ng uri ng panunuhol, hindi lamang ang panunuhol na kinasasangkutan ng mga opisyal ng pamahalaan. Tingnan ang [“Pagbebenta at Pagmemerkado,”](#) [“Pakikipagnegosyo sa Iba,”](#) [“Mga Kasanayan sa Pagbili”](#) at [“Mga Regalo at Libangan”](#) na mga seksyon ng Alituntuning ito para sa karagdagang impormasyon.

Q (Tanong): *Kasalukuyan kong pinangangasiwaan ang pangkat na nag-a-upgrade ng bagong pasilidad sa pagmamanupaktura ng **onsemi**. Ipinahinto ng lokal na tagapagpatupad ng batas ang pagtatayo, na binanggit ang isang lumipas nang permit sa trabaho. Sa palagay ko ay hindi lehitimo ang paghahabol na ito, ngunit ito lang ang pumipigil sa atin sa pagsulong sa proyektong ito, kaya naghahanap ako ng pag-renew. Ang mga ahenteng nagpapatupad ng batas na katrabaho ko ay mayroon ng lahat ngunit hiniling na bayaran ko sila ng bayad para maibalik ang permiso na ito. Ano ang dapat kong gawin?*

A (Sagot): Huwag magbayad ng anumang pera sa mga ahente hangga't hindi mo nakakausap ang iyong BEL, ang CCO o ang Departamento ng Batas. Malamang na hinihiling sa iyo na magbayad ng suhol, na ipinagbabawal ng FCPA at ng mga batas laban sa katiwalian sa marami sa mga bansa kung saan tayo nagtatrabaho. Ang mga ahente ng pagpapatupad ng batas ay itinuturing na mga opisyal ng pamahalaan, at ang mga batas na namamahala sa ating pakikipag-ugnayan sa kanila ay napakahigpit. Ang pagbabayad ng suhol sa kanila ay hindi lamang hindi etikal — ito rin ay labag sa batas. Sa pamamagitan ng pag-uulat kaagad ng insidente, maaari kang makatanggap ng wastong gabay mula sa Departamento ng Batas ng **onsemi**.

PAGTAWID SA MGA PAMBANSANG HANGGANAN

Bilang isang pandaigdigang kumpanya, inihahatid natin ang ating mga produkto sa buong mundo. Kapag nakikibahagi sa pag-import o pag-export, sumusunod tayo sa naaangkop na U.S. at iba pang pambansa at internasyonal na mga batas, mga regulasyon at mga paghihigpit. Ang "pag-export" ay nangyayari kapag ang isang produkto, serbisyo, teknolohiya o piraso ng impormasyon ay ipinadala sa isang mamamayan ng ibang bansa — saanman sila matatagpuan. Ito ay maaari ding mangyari kapag ang teknolohiya, teknikal na impormasyon o software ay ibinigay sa anumang paraan — kabilang ang pasalita — sa isang mamamayan ng ibang bansa. Bago ka makisali sa anumang aktibidad sa pag-export, patotohanan ang pagiging kwalipikado ng lokasyon ng pagpapadala at tatanggap. Dapat mo ring makuha ang lahat ng kinakailangang lisensya at permit, pati na rin bayaran ang lahat ng mga nararapat na tungkulin.

Bilang karagdagan, ang "pag-import" ay nangyayari kapag dinadala natin ang mga kalakal o mga serbisyo na binili natin mula sa isang bansa patungo sa isa pa. Ang aktibidad na ito ay napapailalim din sa iba't ibang batas at mga regulasyon. Lalo na, ang pag-import ay maaaring hingin sa atin na magbayad ng mga tungkulin at buwis, o magsumite ng ilang partikular na mga pagpa-file.

Kung naglalakbay ka sa ibang bansa sa negosyo ng Kumpanya, napapailalim ka sa mga batas na namamahala sa kung ano ang iyong ini-import at ini-export. Ang bawat isa sa atin ay may pananagutan sa pag-alam ng mga batas na naaangkop sa atin. Kung may pagdududa, makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Pagsunod sa Import/Export o Departamento ng Batas para sa gabay.

Q Tanong): *Naghahanda ako ng isang malaking kargamento para ipadala sa ibang bansa. Bago ang pagpapadala, sinasabi sa akin ng aking kontak ng kostumer na, pagkatapos matanggap ang kargamento mula sa ating Kumpanya, siya ang may pananagutan sa paghahatid ng mga produktong iyon sa ibang lugar. Sa partikular, mag-e-export siya ng mga produkto sa ibang kostumer sa isang bansang alam kong naka-blacklist. Nagulat ako dito, ngunit wala akong sinabi. Pagkatapos ng lahat, dahil hindi direktang ipinapadala ng ating Kumpanya ang mga produkto sa naka-blacklist na bansa, hindi ito nakakaapekto sa atin. Tama ba ang ginawa ko?*

A (Sagot): Hindi sa kasong ito. Kapag nakikibahagi sa aktibidad sa pag-e-export, mayroon tayong responsibilidad na malaman kung saan pupunta ang ating mga produkto, at kung kanino sila ihahatid. Dahil sinabi sa iyo ng kostumer na balak niyang ipadala ang produktong ito sa isang bansa kung saan pinagbabawalan tayong magnegosyo, mayroon kang kaalaman sa huling gumagamit. Sa pagkakaalam na nangyayari ito, at hindi pag-uulat kaagad ng sitwasyon, ay posibleng naglalantad sa **onsemi** — kahit na hindi natin direktang ine-export ang produkto sa naka-blacklist na bansa.

Mga Pang-ekonomiyang Parusa at mga Pag-boycott

Saanman sa mundo tayo nagsasagawa ng negosyo, mayroon tayong tungkulin na sundin ang mga parusa sa ekonomiya at mga pag-eembargo sa kalakalan. Ang ganitong mga parusa ay karaniwang ginagamit ng mga bansa upang suportahan ang patakarang panlabas at pambansang seguridad. Kung hindi ka sigurado kung ang iyong mga aktibidad sa kalakalan ay sumusunod sa mga naaangkop na parusa at mga embargo sa kalakalan, dapat kang kumunsulta sa Tagapamahala ng Pagsunod sa Import/Export o Departamento ng Batas para sa gabay.

Ang ilang mga bansa ay nagpatupad na rin ng mga batas na nagbabawal sa mga kumpanyang tulad ng **onsemi** na lumahok o makipagtulungan sa isang walang pahintulot na internasyunal na pagbo-boycott. Mahalagang sumunod tayo sa lahat ng batas laban sa pagbo-boycott na naaangkop sa ating trabaho. Kung nakatanggap ka ng kahilingan na i-boycott ang isang indibidwal o bansa, iulat kaagad ang sitwasyon sa Tagapamahala ng Pagsunod sa Import/Export.

Money Laundering

Ang ating tungkulin na sumunod sa lahat ng batas ay nangangahulugan na tayo ay nakatuon sa pandaigdigang paglaban sa money laundering. Ang "money laundering" ay ang proseso kung saan sinusubukan ng mga tao o grupo na itago ang mga ilegal na pondo, o kung hindi man ay subukang gawing mukhang lehitimo ang mga pinagmumulan ng kanilang mga ilegal na pondo. Upang maiwasan ang money laundering, mahalaga para sa atin na magsagawa ng angkop na pagsusumikap na "kilalanin ang iyong kostumer" sa mga kostumer, mga tagapagtustos at iba pang mga kasosyo sa negosyo na gustong makipagnegosyo sa ating Kumpanya.

Lalo na, kung ang iyong trabaho ay nagsasangkot ng pagpili ng o pagkuha mula sa mga ikatlong partido, maging maingat sa mga pulang bandila na maaaring nagpapahiwatig ng mga aktibidad ng money laundering. Halimbawa, tiyakin na ang mga partido na nakikipagnegosyo ka at ang kanilang pamamahala ay nagpapanatili ng isang pisikal na presensya, nakikibahagi sa lehitimong negosyo at may wastong proseso ng pagsunod sa lugar. Mag-ingat sa mga hindi pangkaraniwang transaksyon (tulad ng malalaking pagbabayad ng pera) at iulat ang anumang kahinalang aktibidad sa Departamento ng Batas o CCO, o sa VP, Etika at CSR nang hindi inaalerto ang ikatlong partido.



MGA SALUNGATAN NG INTERES



MGA SALUNGATAN NG INTERES

Gumagawa tayo ng mga desisyon sa negosyo batay sa pinakamahusay na interes ng ating Kumpanya.

PANGKALAHATANG GABAY

Pagdating sa mga desisyon sa negosyo, ang ating mga aksyon ay dapat na nakabatay sa pinakamahusay na interes ng ating Kumpanya. Hindi natin dapat pahintulutan ang ating mga personal na aktibidad, mga pamumuhunan o mga relasyon na makagambala sa mga gawain ng **onsemi**. Ang gayong mga "salungatan ng interes" ay dapat na aktibong iwasan upang patuloy nating maisagawa ang ating mga trabaho nang obhetibo. Maraming uri ng mga

salungatan ang maaaring lumitaw. Sa ibaba ay ilan sa mga mas karaniwang halimbawa ng mga sitwasyon ng salungatan. Tandaan na, bagama't ang pagkakaroon ng salungatan ng interes ay hindi palaging isang paglabag sa ating Alituntunin, ito ay hindi pagsisiwalat ng salungatan. Para sa kadahilanang ito, kinakailangan mong ibunyag sa iyong tagapamahala, superbisor, BEL o ang CCO ang lahat ng mga salungatan ng interes.

Panlabas na Trabaho

Kinikilala ng ating Kumpanya na, kung minsan, maaari tayong maghanap ng trabaho sa labas. Gayunpaman, hindi tayo maaaring magtrabaho o tumanggap ng mga bayad mula sa sinumang kakumpitensya, kostumer, distribyutor o tagapagtustos ng **onsemi** nang walang paunang pag-apruba. Kahit na ang pag-apruba ay ipinagkaloob, dapat tayong gumawa ng naaangkop na mga hakbang upang ihiwalay ang mga aktibidad ng Kumpanya at hindi pang-Kumpanya. Anumang gawain sa labas na iyong ginagawa ay hindi dapat

makahadlang sa iyong mga tungkulin sa **onsemi**. Bilang karagdagan, hindi mo dapat kailanman gamitin ang ari-arian o oras ng Kumpanya para sa anumang trabaho sa labas. Kung isinasaalang-alang mo ang trabaho sa labas at hindi sigurado kung kailangan nito ng pag-apruba, tanungin ang iyong tagapamahala, superbisor, BEL, Human Resources, ang CCO o ang VP, Etika at CSR. Sa mga bansa kung saan naaangkop, tingnan din ang iyong Manwal ng Empleyado sa paksang ito.

Q (Tanong): *Nagtrabaho ako sa **onsemi** sa loob ng maraming taon. Pinag-iisipan kong gamitin ang ilan sa mga kasanayan at kaalaman na nakuha ko sa pamamagitan ng aking trabaho sa **onsemi** upang mag-alok ng mga karagdagang serbisyo sa ating mga kasalukuyang kostumer. Hindi ko isasagawa ang aking personal na negosyo sa oras ng trabaho, at hindi ko iisipin na gamitin ang mga ari-arian ng ating Kumpanya para isulong ang sarili kong mga interes. Maaari ko bang gawin ito?*

A (Sagot): Hindi. Ang pagsisimula ng isang side business na nag-aalok ng mga serbisyo sa kasalukuyang base ng kostumer ng **onsemi** ay isang salungatan ng interes. Ang pagtanggap ng mga bayad mula sa isang kostumer ay nagdudulot ng mga isyu para sa iyo at sa **onsemi** — lalo na kung ang iyong negosyo ay nakikipagkumpitensya sa alinman sa mga serbisyong inaalok ng ating Kumpanya. Tandaan na hindi katanggap-tanggap na magsagawa ng trabaho para sa anumang mga ikatlong partido kung saan ang ating Kumpanya ay nagsasagawa ng negosyo nang walang paunang pag-apruba. Tandaan din na, sa pamamagitan ng pagsisiwalat ng mga potensyal na salungatan bago kumilos, ang **onsemi** ay makakatulong sa iyo na gawin ang pinakamahusay na posibleng desisyon para sa lahat ng kasangkot.

Mga Pagmimiyembro sa Lupon

Tulad ng pagtatrabaho sa labas, mahalagang ibunyag ang anumang mga pagmimiyembro sa labas ng board. Kung naglilingkod ka sa isang lupon ng mga direktor o katulad na katawan para sa isang kumpanya sa labas o ahensya ng pamahalaan, dapat kang kumuha ng paunang pag-apruba sa pamamagitan ng sulat mula sa CCO, Departamento ng Batas o sa Lupon ng mga Direktor ng **onsemi**.

Ang pagtulong sa komunidad sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga lupon ng hindi pangkalakal o pangkomunidad na organisasyon ay hinihikayat, at hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba. Tingnan ang Pangkorporasyong mga Prinsipyo sa Pamamahala (Corporate Governance Principles) ng Kumpanya para sa karagdagang impormasyon sa paksang ito.

Mga Miyembro ng Pamilya at Malapit na mga Personal na Relasyon

Ang mga salungatan ng interes ay maaari ding lumitaw kapag nagtatrabaho tayo sa ating mga kamag-anak o mga malapit na kaibigan. Lalo na, hindi tayo dapat magbahagi ng isang relasyon ng pag-uulat sa mga kamag-anak. Ang pagiging nasa isang sitwasyon kung saan tayo ay responsable para sa pagsusuri, pagtataguyod o paggawa ng mga pagpapasya sa pag-eempleyo sa mga kamag-anak o malalapit na kaibigan ay maaaring lumikha ng hitsura ng paboritismo o pagtatanging pagtrato. Kung may lumabas na gayong sitwasyon, ibunyag ito kaagad sa iyong tagapamahala o superbisor. Upang maging malinaw, kasama sa "mga kamag-anak" ang mga asawa, mga anak, stepchildren, mga magulang, mga stepparent, mga kapatid, mga biyenan, mga tiyuhin, mga tiya, mga pamangkin, at mga asawa ng alinman sa mga nabanggit. Kasama rin sa mga kamag-anak ang mga indibidwal sa isang romantiko, pakikipag-date o iba pang matalik o nakatuong relasyon; o mga indibidwal na nakikibahagi sa isang makabuluhang kaayusan sa pamumuhay o relasyon sa pananalapi o negosyo na maaaring maka-impluwensya sa pagtatanging pagtrato sa lugar ng trabaho. Para sa karagdagang impormasyon sa pakikipagtulungan sa mga kamag-anak, tingnan ang ating [Patakaran sa Pag-eempleyo ng mga Kamag-anak](#).

Bilang karagdagan, hindi tayo dapat gumagamit ng personal na impluwensya para makuha ang ating Kumpanya na makipagnegosyo sa isang kumpanya kung saan maaaring may interes ang ating mga kapamilya o kaibigan. Kung mayroon kang mga kamag-anak o mga malapit na kaibigan na nagtatrabaho sa isang kumpanyang nakikipagnegosyo sa **onsemi**, dapat mong ipaalam kaagad sa iyong tagapamahala o superbisor. Tiyaking talakayin ang anumang mga paghihirap na maaaring lumitaw, at gumawa ng naaangkop na mga hakbang upang mabawasan ang mga salungatan ng interes.

Karagdagan pa, ang mga relasyon sa mga inaasahan o umiiral na mga tagapagtustos, mga kontratista, mga kostumer, mga kakumpitensya o mga regulator ay hindi dapat makaapekto sa ating independyente at maayos na pagpapasiya sa ngalan ng ating Kumpanya. Tandaan, ang mahalagang bagay ay ang maiwasan ang kahit na anong hitsura ng pagkiling. Kung may lumabas na gayong sitwasyon, ibunyag ito kaagad sa iyong tagapamahala o superbisor.

Mga Pautang sa mga Empleyado at mga Direktor

Ang isang salungatan ay maaari ding lumitaw kapag ang isang empleyado o direktor, o isang miyembro ng pamilya ng taong iyon, ay nakatanggap ng hindi wastong mga personal na benepisyo bilang resulta ng kanilang posisyon sa **onsemi**. Kapag nagpautang tayo sa mga kapwa empleyado o ginagarantiyahan ang mga obligasyon ng ibang tao para sa mga

personal na dahilan, maaari rin itong lumikha ng salungatan ng interes. Sa katunayan, ang karamihan ng mga pautang na ginawa sa mga direktor at mga opisyal ay ipinagbabawal ng batas. Bago tumanggap ng anumang naturang mga pautang o mga garantiya, humingi ng payo mula sa Departamento ng Batas.

Mga Pamumuhunan

Minsan, ang ating mga personal na pamumuhunan ay maaaring makaapekto o magmukhang nakakaapekto sa ating kakayahang gumawa ng walang pinapanigan na mga desisyon sa negosyo sa ngalan ng ating Kumpanya. Ito ay malamang na lumikha ng hitsura ng isang salungatan kung mayroon tayong pamumuhunan sa isang kakumpitensya, tagapagtustos, kostumer, distribyutor o katulad na partido kung saan nagsasagawa ng negosyo ang **onsemi**. Ang ating pamumuhunan sa mga naturang

kumpanya ay dapat na hindi gaanong makabuluhan na maaari itong maka-impluwensya — o mukhang nakakaimpluwensya— sa ating paghuhusga sa mga isyu ng Kumpanya. Kung may anumang pagdududa tungkol sa kung paano maaaring matanto ang isang pamumuhunan, dapat itong ibunyag sa iyong tagapamahala, superbisor o BEL, at talakayin kasama ang CCO, ang VP, Etika at CSR o ang Departamento ng Batas.

Mga Oportunidad sa Korporasyon

Sa kurso ng ating trabaho sa **onsemi**, maaari tayong makakita ng impormasyon tungkol sa mga pagkakataon sa negosyo kung saan maaaring interesado ang ating Kumpanya. Hindi natin dapat kailanman pagsikapang matamo ang gayong mga pagkakataon para sa ating pansariling kapakanan. Ang paggawa nito ay maaaring lumikha ng isang malubhang salungatan. Kagaya kung paanong hindi

tayo maaaring kumuha ng pagkakataon para sa ating sarili, hindi natin maaaring i-direkta ang iba na gawin ito sa ating lugar. Bilang karagdagan, hindi tayo, direkta o hindi direktang, bumibili o kumukuha ng mga karapatan sa anumang ari-arian o mga materyales kung alam natin na ang ating Kumpanya ay maaaring interesado sa pagsisikap na matamo ang ganoong pagkakataon.

Mga Regalo at Libangan

Ang pagpapalitan ng mga regalo at libangan ay isang karaniwang kasanayan sa maraming lokasyon kung saan tayo nagtatrabaho. Ang mga naaangkop na palitan para sa mga layunin ng negosyo ay maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng mabuting pakikitungo sa pagitan ng ating Kumpanya at ng iba pang mga kumpanya o mga indibidwal kung kanino tayo nakikipagnegosyo. Ang mga regalo ay hindi palaging mga pisikal na bagay. Ang mga ito ay maaaring mga serbisyo, pabor o iba pang bagay na may halaga. Ang libangan ay maaaring isang pagkain, isang kaganapan ng isport o iba pang paglabas na kinabibilangan ng isang kinatawan ng onsemi at ng kabilang partido. Mangyaring tandaan na ang anumang regalo o libangan ay dapat na hindi hiningi at dapat sumunod sa lahat ng mga patakaran ng parehong mga negosyo ng tagapagbigay at ng tumatanggap.

Mga Regalo at Libangan na Natanggap ng mga Empleyado at mga Direktor ng onsemi

Kapag nagtatrabaho sa ating kapasidad bilang mga empleyado o mga direktor ng onsemi, hindi tayo maaaring tumanggap ng mga regalo na labis ang halaga. Kung ikaw ay inaalok o nakatanggap ng isang regalo na may malaking halaga, dapat mong talakayin ito sa iyong tagapamahala, superbisor, BEL, ang CCO, ang VP, Etika at CSR o ang Departamento ng Batas. Kung maaari, humingi ng paunang pag-apruba para sa mga gayong regalo. Karagdagan pa, hindi tayo tumatanggap ng mga suhol, kickback o mga bayad. Ang pagtanggap ng mga hindi tamang pagbabayad mula sa iba ay labag sa batas at hindi etikal.

Hindi rin tayo tumatanggap ng libangan na sobra-sobra ang halaga. Sa karamihan ng mga kaso, maaari tayong tumanggap ng libangan na makatwiran, nakaugalian at hindi madalas sa konteksto ng negosyo. Kabilang dito ang pagsama sa isang kasamahan sa negosyo sa isang kultural o kaganapan ng isport, o sa isang pagkain sa negosyo. Kausapin ang iyong tagapamahala, superbisor, iyong BEL, ang CCO, ang VP, Etika at CSR o ang Departamento ng Batas bago tanggapin ang anumang libangan na maaaring makaapekto o mukhang makakaapekto sa ating independiyenteng pagpapasiya.

Kung ang pagtanggap sa libangan ay maaaring mukhang makakaimpluwensya sa iyong independiyenteng paghuhusga sa ngalan ng **onsemi** o maaaring mukhang hindi nararapat, tanggihan ang alok, bayaran mo nang sarili ang tunay na halaga ng libangan o talakayin ang sitwasyon sa iyong tagapamahala, superbisor, iyong BEL, ang CCO, ang VP, Etika at CSR o ang Departamento ng Batas.

Sa ilang mga pambihirang sitwasyon, hindi praktikal o nakakapinsala na tanggihan ang libangan o pagbabalik ng regalo. Kapag nangyari ito, talakayin ang sitwasyon sa iyong tagapamahala, superbisor, iyong BEL, CCO, VP, Etika at CSR o sa Departamento ng Batas. Matutulungan ka nilang matukoy ang pinakamahusay na paraan ng pagkilos upang maprotektahan ka at ang **onsemi**, pati na rin ang relasyon ng negosyo.

Q (Tanong): *Ang ilang mga potensyal na tagapagtustos ay nagsumite ng mga panukala sa ating Kumpanya at ako ay may mahalagang papel sa proseso ng pagpili. Isa sa mga potensyal na tagapagtustos na ito ay nagpadala sa akin ng mga tiket sa isang lokal na sporting event na may card na nagsasaad na ang tagapagtustos ay "umaasa sa hinaharap na negosyo." Gusto kong dalhin ang aking pamilya sa kaganapang ito at sa palagay ko ay hindi ako pinapanigan ng regalo sa anumang paraan. Maaari ko bang tanggapin ang mga tiket?*

A (Sagot): Malamang hindi. Dapat mong iulat kaagad ang regalo sa iyong tagapamahala, superbisor o BEL upang matukoy ang tamang paraan ng pagkilos. Gayunpaman, tandaan na ang mga batas laban sa katiwalian ay nalalapat sa kahit na hitsura lamang ng pagkiling. Kaya, kung tatanggapin mo ang regalo at ang tagapagtustos na ito ay mananalangin sa kontrata, maaari itong lumabas na parang tumanggap ka ng suhol. Ang isa pang kadahilanan na dapat isaalang-alang ay ang tagapagtustos ay hindi dadalo sa kaganapan na kasama mo. Agad nitong inaalis ang posibilidad ng pagkakaroon ng layunin sa negosyo ang kaganapan.

Mga Regalo at Libangan na Ibinigay o Ipinagkaloob ng onsemi

Ang ilang mga sitwasyon sa negosyo ay nangangailangan ng pagbibigay ng mga regalo. Ang anumang mga regalo na hinahandog natin ay dapat na legal, makatwiran at inaprubahan nang maaga ng isang tagapamahala o superbisor. Kung paanong hindi tayo tumatanggap ng mga suhol, hindi rin tayo dapat kailanman magbayad sa kanila.

Maaari tayong magbigay ng libangan na makatwiran, kinaugalian at hindi madalas sa konteksto ng negosyo. Kung mayroon kang alalahanin tungkol sa kung naaangkop ba ang pagbibigay ng libangan, talakayin ito sa iyong tagapamahala, superbisor, BEL, CCO, VP, Etika at CSR o sa Departamento ng Batas nang maaga.

Mahalagang maunawaan na ang mga kasanayan sa pagbibigay ng regalo at paglilibang ay nag-iba-iba sa mga kultura. Tinutugunan ito ng ating mga patakaran

at patnubay sa lokal na regalo at libangan. Magtanong sa iyong manager, superbisor o BEL kung kayo ay mayroon sa iyong rehiyon.

Hindi tayo nagbibigay ng mga ilegal na anyo ng libangan, at hindi rin tayo nag-aalok ng libangan na lumalabag sa patakaran ng pamahalaan o organisasyon ng tumatanggap. Ang mga empleyado ng maraming entidad ng pamahalaan sa buong mundo ay pinagbabawalan na tumanggap ng mga regalo o libangan. Para sa kadahilanang ito, dapat kang kumuha ng pag-apruba mula sa iyong tagapamahala o superbisor bago mag-istima ng isang opisyal ng pamahalaan o bago mag-alok ng mga regalo sa anumang ikatlong partido, kabilang ang mga opisyal ng pamahalaan. Para sa mga regalo o pang-alihw na mas mataas sa nominal na halaga, humingi ng pag-apruba mula sa iyong BEL, CCO, VP, Etika at CSR o Departamento ng Batas. Tingnan ang ating [Patakaran sa mga Regalo, Libangan at Mabuting Pakikitungo](#) para sa karagdagang impormasyon.

Q (Tanong): *Nagpapadala ako ng mga basket ng regalo sa holiday sa ilan sa ating mga pinahalagahang kostumer ngayong panahon bilang isang paraan ng pasasalamat sa kanila para sa kanilang negosyo. Ang mga basket ay katamtaman ang halaga, at gusto kong isama ang mga multipurpose na gift card, bukod sa iba pang mga bagay. Ang isa sa ating mga kostumer ay may mahigpit na patakaran laban sa pagtanggap ng mga regalo, ngunit hindi ko gustong tratuhin ang kostumer na ito nang hindi patas. Ano ang dapat kong gawin?*

A (Sagot): Patakaran ng **onsemi** na huwag magbigay ng mga regalong salapi o katumbas ng salapi gaya ng mga gift card, kaya hindi magiging angkop ang pagsasama ng mga multipurpose gift card. Sa katunayan, ang tanging eksepsyon sa patakarang ito ay sa mga kaso ng mga kasalan o libing sa mga lokasyon kung saan ang lokal na kaugalian ay nangangailangan ng mga regalong salapi. Sa mga kasong ito, kinakailangan nating humiling ng mga pagwawaksi sa pagbabawal sa mga regalong salapi. Tingnan ang [“Mga Pagwawaksi sa Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo”](#) na seksyon sa hulihan ng Alituntunin para sa karagdagang detalye. Kahit na sa mga kaso kung saan ang isang regalo ay papayagan sa ilalim ng patakaran ng Kumpanya ng **onsemi**, iginagalang ng **onsemi** ang mga patakaran ng organisasyon ng tumatanggap ng regalo. Nangangahulugan ito na dapat mong iwasan ang pagpapadala ng mga basket ng regalo sa mga kostumer na may ganitong mga patakaran at sa halip ay makipag-usap sa iyong tagapamahala, superbisor o BEL tungkol sa mga katanggap-tanggap na alternatibo. Tingnan ang [Patakaran sa Mga Regalo, Libangan at Mabuting Pakikitungo](#) para sa karagdagang impormasyon.

Paglalakbay

Pagtanggap ng mga Gastos sa Paglalakbay

Sa pangkalahatan, maaari nating tanggapin ang mga gastos sa transportasyon at panuluyan na ibinibigay ng isang tagapagtustos o iba pang ikatlong partido, hangga't ang biyahe ay para sa isang wastong layunin ng negosyo, at hindi nakakaapekto o mukhang nakakaapekto sa ating independiyenteng pagpapasiya. Ang gayong probisyon ng transportasyon o tuluyan ay dapat ding aprubahan nang maaga ng iyong tagapamahala o superbisor. Ang lahat ng mga tinatanggap na gastos sa paglalakbay ay dapat na tumpak na naitala sa iyong mga talaan ng gastos sa paglalakbay.

Pagbibigay ng Paglalakbay

Maliban kung ipinagbabawal ng batas o ng patakaran ng

organisasyon ng tumatanggap, ang ating Kumpanya ay maaaring magbayad ng mga gastos sa transportasyon at panuluyan na nagastos ng mga kostumer, ahente o tagapagtustos na kaugnay ng pagbisita sa isang onsemi na pasilidad o pagkakabit ng produkto. Gayunpaman, ang pagbisita ay dapat para sa layunin ng negosyo. Kasama sa mga halimbawa ang isang on-site na pagbisita upang suriin ang kagamitan, o lumahok sa pagsasanay.

Sa partikular, ang mga rekord ay dapat itago para sa paglalakbay ng mga opisyal ng pamahalaan na inisponsoran o binabayaran ng ating Kumpanya. Anumang naturang pag-iisponsor ay dapat maaprubahan nang maaga ng CCO, VP, Etika at CSR o ng Departamento ng Batas at isang Nakatataas na Bise Presidente o mas mataas sa **onsemi**.

Mga Pagwawaksi ng Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo

Ang mga pagwawaksi ay ibinibigay lamang sa mga bihirang pagkakataon at pagkatapos ng maingat na pag-iisip. Kung naniniwala ka na ang isang eksepsyon sa alinman sa mga patnubay na itinakda sa Alituntuning ito ay dapat isaalang-alang, makipag-ugnayan sa iyong pangunahing superbisor. Kung sumang-ayon ang iyong pangunahing superbisor na dapat isaalang-alang ang isang eksepsyon, siya ay maaaring humingi ng payo mula sa isang BEL, sa konsultasyon sa CCO, VP, Etika at CSR at Lupon ng mga Direktor, kung kinakailangan.

Ang mga pagwawaksi na ipinagkaloob sa punong ehekutibong opisyal, punong opisyal ng pananalapi, punong opisyal ng accounting o controller, mga taong gumaganap ng mga katulad na tungkulin, o anumang iba pang mga ehekutibong opisyal ng onsemi, at mga pagwawaksi na ipinagkaloob sa mga direktor nito, ay ipagkaloob lamang ng Lupon ng mga Direktor. Ang nasabing mga pagwawaksi ay ihahayag sa publiko kung kailan kinakailangan ng mga batas at tuntunin ng Securities and Exchange Commission at NASDAQ.

Mga Interpretasyon

Ang CCO, VP, Etika at CSR ay itinalaga ng Lupon ng mga Direktor bilang ang taong ganap na responsable para sa pagbibigay-kahulugan at paglalapat ng mga patnubay sa Alituntuning ito sa mga partikular na sitwasyon kung saan maaaring lumitaw ang mga katanungan. Bilang isang onsemi na empleyado, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong itinalagang BEL sa loob ng iyong

organisasyon upang magharap ng anumang mga isyu sa pagsunod at etika na nauugnay sa Alituntunin. Maaari mo ring tawagan ang Compliance and Ethics Helpline sa isang hindi nagpapakilalang batayan (tingnan ang ["Mga Alalahanin sa Pag-uulat"](#) na seksyon sa simula ng Alituntunin) o kontakin ang CCO o ang VP, Etika at CSR nang direkta.

onsemi Form ng Pagkilala ng Empleyado at Direktor sa Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo

Nabasa ko ang Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo at pinapatunayan ko na:

- Naiintindihan ko ang Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo
- Sa abot ng aking kaalaman, ako ay sumusunod sa Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo
- Patuloy akong susunod sa mga Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo at sa mga tuntunin ng anumang mga pagbabagong ginawa dito
- Ang lahat ng salungatan ng mga interes ay isiniwalat sa aking tagapamahala, superbisor, BEL, o sa Human Resources, sa Punong Opisyal ng Pagsunod o sa VP, Etika at CSR (tingnan ang "[Salungatan ng Interes](#)" na seksyon ng Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo para sa karagdagang impormasyon)

Naiintindihan ko na, alinsunod sa mga lokal na batas at regulasyon, ang hindi pagpirma sa Form ng Pagkilala o pagsunod sa mga Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo ay maaaring magresulta sa aksyong pandisiplina, hanggang sa at kabilang ang pagwawakas. Naiintindihan ko rin na inaasahan na babasahin at kikilalanin ko ang aking pagsunod sa Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo sa taunang batayan.

Pangalan (naka-print)

Pirma

ID ng Empleyado o Komersiyo

Petsa

ISANG MENSAHE MULA SA ATING CEO

Ang **onsemi** ay nagtutulak ng mga nakakagambalang inobasyon upang makatulong na bumuo ng isang mas mahusay, mas napapanatiling hinaharap. Bagama't ito ay isang malaking pahayag at dapat manatiling pangunahing prinsipyo sa ating pang-araw-araw na buhay, kritikal na tayo ay manatiling matatag at igalang ang ating etikal na pundasyon. Ang industriya ng semiconductor at ang ating target na mga merkado ng aplikasyon ay hindi kapani-paniwalang mapagkumpitensya. Maging kayo man ay isang bagong empleyado o naging bahagi ng onsemi na pangkat sa loob ng maraming taon, mahalagang regular na pag-isipan kung sino tayo at kung paano natin pinamamahalaan ang ating sarili sa kurso ng pagnenegosyo. Hindi natin dapat kalimutan kung sino tayo at kung ano ang ating pinaninindigan.

Tayo ay **onsemi**; isang pangkat ng mga mahuhusay na indibidwal na isinasabuhay ang ating mga pangunahing pinahahalagahan na paggalang, integridad at inisyatiba. Ang mga ito ay hindi lamang mga salita, ngunit isang pag-iisip na dumadaloy sa bawat pakikipag-ugnayan o desisyon na ginagawa natin sa ngalan ng ating kumpanya.

Ang ating Alituntunin ng Pag-uugali sa Negosyo [Code of Business Conduct (“Code”)] ay binabalangkas ang malawak na mga prinsipyo ng legal at etikal na pag-uugali sa negosyo na niyakap ng ating kumpanya. Ang Alituntunin ay nagbibigay din ng detalyadong impormasyon at mga mapagkukunan upang tulungan ka kung ikaw ay nahaharap sa mga isyu o mga alalahanin sa etika. Sa **onsemi**, sineseryoso natin ang ating Alituntunin at inaasahan nating itaguyod ng ating pangkat sa buong mundo ang mga prinsipyong ito. Gagawin natin ang lahat ng pagsisikap upang protektahan ang pagiging kumpidensyal ng mga miyembro ng pangkat na nag-uulat ng mga alalahanin nang hindi nagpapakilala gamit ang ating Helpline sa Etika. Hindi namin kukunsintihin ang mga gawa ng paghihiganti laban sa sinumang empleyado na, sa mabuting loob, ay humingi ng patnubay o naghahayag ng isang alalahanin.

Ang ating Alituntunin ay naglalaman ng mga etikal at legal na patnubay para sa bawat isa sa atin upang i-a-play sa ating pang-araw-araw na pakikitungo sa negosyo, pati na rin ang mga personal na aktibidad na nauugnay sa ating kumpanya. Bagama't hindi nito nasasakop ang lahat ng mga legal o etikal na sitwasyon na maaari nating makaharap, ito ay nagbubuod ng marami sa mga batas na dapat nating malaman at sundin sa mga lokasyon kung saan tayo nagnenegosyo. Hinihikayat namin kayo na iulat ang anuman at lahat ng mga alalahanin tungkol sa kabiguan sumunod sa mga batas na iyon sa ating punong opisyal ng pagsunod o sinumang miyembro ng departamento ng batas. Sa pamamagitan ng pagkilala sa ating Alituntunin bawat taon, lahat tayo ay sumasang-ayon na sundin ang parehong matataas na pamantayan sa etika gaya ng ating mga kasamahan.

Ipinagmamalaki nating lahat ang ating kumpanya, mga produkto, reputasyon at pangako sa paggawa ng negosyo nang may katapatan at integridad. Mangyaring samahan ako at ang ating lupon ng mga direktor sa isang panibagong pangako sa ating Alituntunin sa taong ito.

Salamat nang maaga para sa paglalaan ng oras na repasuhin ang ating Alituntunin at isabuhay ito sa bawat araw bilang isang empleyado ng **onsemi**.

Hassane El-Khoury

Presidente at CEO

KARAGDAGAN

BANSA	NUMERO NG HELPLINE	SA INGLES NA PROMPT, I-DIAL ANG
Australia	1-800-94-8150	
Belgium	0-800-748-19	
Canada	1-844-935-0213	
China	400-120-0176	
Czech Republic	800-142-490	
Finland	0800-41-3682	
Germany	0-800-0010086	
Hong Kong	800-964-146	
India	000-800-9191055	
Ireland	1-800-851-150	
Israel	1-809-477-265	
Italy	800-761697	
Japan	0800-123-2333	
Korea	00798-11-003-9294	
Malaysia	1-800-81-9976	
Netherlands	0800-0224703	
Pilipinas (Alabang, Carmona, Cebu)	<ul style="list-style-type: none"> Landline o Mobile na may Smart, Digitel/Sun na mga Provider: 1800-1322-0333 Mobile na may Pandaigdigang Provider: 105-11, sa Ingles na prompt i-dial ang 844-935-0213 Landline ng Pabrika: 4567 	
Pilipinas (Tarlac)	<ul style="list-style-type: none"> Landline o Mobile na may Smart, Digitel/Sun na mga Provider: 1800-1322-0333 Mobile sa Pandaigdigang Provider: 105-11, sa Ingles na prompt i-dial ang 844-935-0213 Landline ng Pabrika: **123 	
Romania	0800-890-295	
Russia	8-800-301-83-98	
Singapore	800-492-2389	
Slovakia	0800-002-591	
Slovenia	080-688802	
Spain	900-999-372	
Sweden	020-88-15-32	
Switzerland	0800-000-092	
Taiwan	00801-49-1584	
Thailand	18-0001-4543	
Turkey	0800-621-2119	
United Kingdom	0800-098-8332	
Estados Unidos	1-844-935-0213	
Vietnam (VNPT)	1-201-0288	844-935-0213
Vietnam (Viettel)	1-228-0288	844-935-0213
Vietnam (Viettel)	1-228-0288	844-935-0213

2021 | **WORLD'S MOST** TM
ETHICAL
COMPANIES®
WWW.ETHISPHERE.COM
6-TIME HONOREE

www.onsemi.com

onsemi TM